

Lungsod at County ng San Francisco

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Halimbawang Balota

MARSO 3 * 2020
PRIMARYANG ELEKSYON PARA SA PAGKAPANGULO

- ▶ **Bumoto nang maaga nang personal o sa pamamagitan ng koreo**
Pebrero 3 - Marso 3
- ▶ **Bumoto sa inyong lugar ng botohan**
Marso 3, 7 a.m. - 8 p.m.
- ▶ **Suriin ang inyong kinakatigang politikal na partido sa sfelections.org/VoterPortal**
Ang inyong kinakatigang partido ang magtutukoy kung sinong mga kandidato sa pagkapangulo ang makikita sa inyong balota.

MARSO

S	M	T	W	T	F	S
		3	4	5	6	7
1	2					
8	9	10	11	12	13	14
15						
22						
29						

Tandaan. Planuhin ninyong bumoto.

SAN FRANCISCO ELECTIONS

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa sfelections.org.



SAN FRANCISCO ELECTIONS

Inilathala ng:
Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco

Mga Mahahalagang Petsa

Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall

Lunes, Pebrero 3 – Martes, Marso 3
(*sarado sa Pebrero 17, holiday*)

Maaaring bumoto sa weekend

Sabado at Linggo, Pebrero 22–23 at
Pebrero 29 – Marso 1

Deadline sa pagpaparehistro para makaboto

Martes, Pebrero 18

Hindi umabot sa deadline? Maaari pa rin kayong magpaparehistro at makaboto. Bisitahin ang sfelections.org para sa karagdagang impormasyon

Huling araw para humiling ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota

Martes, Pebrero 25

Bukas ang karagdagang mga Sentro ng Botohan:

Sabado–Martes, Pebrero 29 – Marso 3

- San Francisco State University, 798 State Drive, Towers Conference Center
- **Bago 'to!** Joseph Lee Recreation Center, 1395 Mendell Street

Bukas ang mga Drop-off Station para sa balota sa labas ng mga sentro ng botohan:

Sabado–Martes, Pebrero 29 – Marso 3

- Sa ilang mga pasukan ng City Hall
- San Francisco State University
- **Bago 'to!** Joseph Lee Recreation Center

Oras ng pagboto sa Araw ng Eleksyon
(lahat ng lugar ng botohan at sentro ng botohan)

Martes, Marso 3,
mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo — Marso 3, 2020

Pangkalahatang Impormasyon

Mga Importanteng Petsa ng Eleksyon . . . (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Ang Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante	3
Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)	3
Impormasyon tungkol sa Primaryang Eleksyon	4
Batas sa mga Karapatan ng Botante	7
Pagiging Kumpidensiyal ng Impormasyon at mga Rekord ng Botante	7
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)	7
Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo	8
Pagboto nang Personal	9
Pagmamarka sa Inyong Balota	10
Paano makakuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	10
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)	10
Impormasyon tungkol sa Rehistrasyon bilang Botante	11
Ang Census 2020 ng Estados Unidos	12
Accessible na Pagboto at mga Serbisyo	14
Tulong sa wikang Filipino	16
Libreng mga Klase sa Ingles	16
Mga Madalas Itanong (FAQs)	28
Be a poll worker	30
Talatuntunan	55
Worksheet ng Balota	56
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Website ng Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Address ng inyong botohan (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado (likod na pabalat)	

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan	17
Mga pag-endorso ng partido	17
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12	18
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 14	21
Mga Kandidato para sa Senador ng Estado, Distrito 11	22
Mga Kandidato para sa Asembleya, Distrito 17	23
Mga Kandidato para sa Asembleya, Distrito 19	24
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luluklan Blg. 1	25
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luluklan Blg. 18	26
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luluklan Blg. 21	27

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento	31
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco	32
Mga salitang dapat ninyong malaman	34
A Panukalang-Batas ukol sa City College para sa Pagsasanay sa Trabaho, Pagkukumpuni at Kaligtasan sa Lindol	36
B Bond ng San Francisco para sa Kaligtasan sa Lindol at Pang-emergency na Pagtugon, 2020	40
C Mga Benepisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng mga Retirado para sa Dating mga Empleyado ng San Francisco Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay)	43
D Vacancy Tax (Buwis sa Bakanteng Espasyo)	46
E Mga Limitasyon sa mga Pang-opisinang Development	50

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco:

Enero 2, 2020

May ilang opsiyon ang mga botante sa pagtanggap ng balota na naglilista ng partikular na mga kandidato para sa Pagkapangulo sa darating na Consolidated Presidential Primary Election (Pinagsamang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo) sa Marso 3, 2020. Upang malaman pa ang tungkol sa pagboto sa primaryang eleksyon, bisitahin ang sfelections.org/2020primary.

Tampok din sa website ng Departamento, na sfelections.org, ang "March 2020 Presidential Primary Ballot Tool" (Tool para sa Balota sa Marso 2020 Primarya para sa Pagkapangulo), na nasa homepage. Nagkaloob ang tool na ito ng mabilis na paraan upang matingnan ang kinakatigang partido na kaugnay ng mga rekord sa pagpaparehistro ng botante. Nagkaloob din ang tool na ito sa mga botante ng mga opsiyon upang makakuha ng balota na naglilista ng mga kandidato sa pagkapangulo na kaugnay ng mga espesipikong politikal na partido.

Ang Kinakatigang Politikal na Partido ang Nagtatakda Kung Sino-sinong Kandidato ang Lalabas sa mga Balota

Kailangang ideklara ng mga botante ang kanilang kinakatigan para sa politikal na partido upang makatanggap ng balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo. Tatanggap ng balotang nagsasama ng mga kandidato sa pagkapangulo ng gayong partido ang mga botanteng nagtala ng kinakatigang politikal na partido sa kanilang rekord sa pagpaparehistro ng botante.

Tatanggap ang mga botanteng walang idineklara na kinakatigang politikal na partido ng balotang walang kandidato sa pagkapangulo. Gayon pa man, maaari pa ring makatanggap ang botanteng walang idineklara na kinakatigang politikal na partido ng balota na naglilista ng mga kandidato ng isang politikal na partido sa pamamagitan ng paghiling ng "crossover" na balota o sa pamamagitan ng muling pagpaparehistro para sa pagboto.

Maaaring muling magparehistro ang mga botante upang mapalitan ang kanilang kinakatigang partido sa registertovote.ca.gov hanggang sa Pebrero 18. Pagkatapos nito, maaari muling magparehistro ang mga botante sa mga sentro ng botohan o lugar ng botohan.

Crossover na Pagboto at Muling Pagpaparehistro para sa Pagboto, para sa mga Botanteng Walang Kinakatigang Politikal na Partido

Tatlong politikal na partido, ang American Independent, (Amerikanong Independiyente), Democratic (Demokratiko), at Libertarian (Libertaryan), ang nagpapahintulot sa mga botanteng hindi nagdeklara ng politikal na partido noong nagrehistro para sa pagboto, na makatanggap ng balotang naglilista sa kandidato sa pagkapangulo ng mga partidong iyon. Maaaring humiling ang mga botante ng crossover na balotang ito sa kanilang mga lugar ng botohan, sa isa sa tatlong sentro ng botohan, o sa pamamagitan ng koreo. Gayon pa man, Pebrero 25 ang deadline ng paghiling ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo).

Upang maiboto ang mga kandidato para sa pagkapangulo na kaugnay ng mga partidong Green (Luntian), Peace and Freedom (Kapayapaan at Kalayaan), at Republican (Republikano), kailangang muling magparehistro para sa pagboto ang mga botante at piliin ang isa sa mga partidong ito sa form para sa pagpaparehistro.

Pagkuha ng Kapalit na Balotang Vote-by-Mail

Tatanggap ang mga botanteng walang idineklara na kinakatigang politikal na partido ng balotang hindi nagsasama ng mga kandidato para sa pagkapangulo. Upang makakuha ng kapalit na balota sa pamamagitan ng koreo, maaaring kontakin ng mga botante ang Departamento hanggang Pebrero 25. Matapos ang petsang ito, ang mga botanteng walang idineklara na kinakatigang politikal na partido at gustong bumoto para sa kandidato sa pagkapangulo ay kailangang pumunta sa kanilang lugar ng botohan o sentro ng botohan upang humiling ng crossover na balota o muling magparehistro upang makaboto.

Ang Tatlong Sentro ng Botohan: City Hall, San Francisco State University (SFSU), at Joseph Lee Recreation Center

Puwedeng bumisita ang mga residente ng San Francisco sa sentro ng botohan upang bumoto, magrehistro para makaboto, ibigay ang pinakabago nilang impormasyon sa pagpaparehistro, o ihulog ang kanilang balotang vote-by-mail. Para sa eleksyong ito, magpapatuloy ang Departamento sa pagkaloob ng mga serbisyo para sa eleksyon sa City Hall Voting Center, pati na rin sa SFSU at sa Joseph Lee Recreation Center. Matatagpuan ang SFSU Voting Center sa Towers Conference Center na nasa 798 State Drive. Matatagpuan ang Joseph Lee Recreation Center sa 1395 Mendell Street.

Mga Oras ng Sentro ng Botohan sa City Hall

Lunes-Biyernes, Pebrero 3–Marso 2, 8 a.m.–5 p.m.

Sabado–Linggo, Pebrero 22–23 at Pebrero 29–Marso 1, 10 a.m.–4 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Marso 3, 7 a.m. –8 p.m.

Mga Oras ng Sentro ng Botohan sa San Francisco State University (SFSU), at sa Joseph Lee Recreation Center

Sabado–Linggo, Pebrero 29–Marso 1, 10 a.m.–4 p.m.

Lunes, Marso 2, 8 a.m. –5 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Marso 3, 7 a.m. –8 p.m.

Mga Estasyon para sa Paghuhulog ng Balotang Vote-by-Mail

Simula sa Pebrero 29 at hanggang sa Araw ng Eleksyon, puwedeng gamitin ng mga botante ang mga estasyon para sa Ballot Drop-off (Paghuhulog ng Balota) upang maisauli ang kanilang balotang vote-by-mail. Matatagpuan ang mga estasyon sa labas ng tatlong sentro ng botohan at magagamit sa pareho ring oras na bukas ang mga sentro ng botohan, ayon sa nakalista sa itaas.


Gumagalang,
John Arntz, Direktor



Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay na Impormasyon para sa Botante

Makatanggap kayo ng *dalawang* gabay na impormasyon para sa botante para sa eleksiyong ito:

1 Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco *(ang gabay na ito)*



Sa pamplet na ito, makikita ninyo ang impormasyon tungkol sa pagboto sa San Francisco, mga kandidatong tumatakbo para sa lokal na mga katungkulan, at lokal na mga panukalang-batas sa balota.


Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksiyon ng San Francisco ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante bago sumapit ang bawat eleksiyon at ipinadadala ito sa bawat rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo alinsunod sa batas.

Ang pamplet na ito ay may iba't ibang format:

- Sa sfelections.org sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaki ang pagkaka-impenta. Para mag-request, tumawag sa (415) 554-4310.

Mahamanap ninyo ang halimbawang balota sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng rehistradong botante. Maaari din ninyong makita ang kopya nito sa sfelections.org. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

2 Gabay na Impormasyon para sa Botante ng Estado ng California



Ang California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California) ay gumagawa ng Gabay na Impormasyon para sa Botante ng estado, na may impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa ilang katungkulan ng estado at pederal at sa mga panukala ng estado. Maaari ninyo itong makita sa sos.ca.gov.



Maaari ninyong dalhin ang pamplet na ito sa inyong botohan. May mga kopya rin ang bawat botohan. Tanungin ang isang manggagawa sa botohan kung nais ninyong makakita ng isa.



Mas nais ba ninyong basahin ang pamplet na ito online? Bisitahin ang sfelections.org/viponline para tumanggap tamanggap ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Nagtatrabaho ang Ballot Simplification Committee sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbuod sa simpleng salita ng bawat panukalang-batas sa lokal na balota. Sinusulat o sinusuri din ng Komite ang iba pang impormasyon na nasa pamplet na ito, kabilang na rin ang glossary ng “Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman” at ang “Mga Madalas Itanong” (FAQs).

Ang mga miyembro ng Komite ay may mga karanasan sa pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Binoboluntaryo nila ang kanilang oras para ihanda ang mga materyales na ito para sa mga botante.

Ang mga miyembro ng Komite ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

Lauren Girardin

Nominado ng:

League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

Scott Patterson

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

Michele Anderson

Nominado ng:

Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

Jenica Maldonado, *ex officio** Deputy City Attorney (Katuwang na Abugado ng Lungsod)

*Ayon sa batas, ang City Attorney (Abugado ng Lungsod), o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.



Mga Madalas Itanong tungkol sa Balota sa Primaryang Eleksyon

1 Ano ang aking kinakatigang partido?

Sa pagpaparehistro para bumoto, maaaring piliin ng mga botante na kumatig sa kuwalipikadong politikal na partido, hindi kuwalipikadong politikal na partido, o piliin na hindi kumatig sa kahit na anong partido. Ang kinakatigang partido na nasa rekord ng rehistrasyon ng mga botante ang magtatakda kung sino-sinong kandidato para sa pagkapangulo ang makikita sa kani-kanilang balota sa anumang primaryang eleksyon para sa pagkapangulo.

Anim na politikal na partido ang binigyan ng kuwalipikasyon sa California ng Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California) at maaaring magdaos ang mga ito ng primarya para sa pagkapangulo. Ang mga partidong ito ay ang mga partidong American Independent (Amerikanong Independiyente), Democratic (Demokratiko), Green (Luntian), Libertarian (Libertaryan), Peace and Freedom (Kapayapaan at Kalayaan), at Republican (Republikano).

Pinahihintulutan ng lahat ng kuwalipikadong partido ang mga botanteng rehistrado sa kanilang partido na bumoto sa mga labanan ng kanilang partido, kabilang na ang primarya para sa pagkapangulo at anumang labanan para sa sentral na komite ng county/miyembro ng konseho ng county.

Maaari ninyong tingnan ang inyong kasalukuyang kinakatigang politikal na partido sa likod ng pamplet na ito, o online sa sfelections.org/voterportal.

2 Ano-ano ang aking opsiyon kung wala akong kinakatigang partido?

Makatatanggap ang mga botanteng nagparehistro bilang botanteng walang kinakatigan na kuwalipikadong politikal na partido, at walang ginawang aksiyon, ng balotang hindi makapartido, na hindi maglalaman ng mga labanan para sa primarya para sa pagkapangulo, o ng kahit anong labanan ng partido gaya ng labanan para sa sentral na komite ng county.

Sa bawat primaryang eleksyon, pinahihintulutan ng ilang kuwalipikadong partido ang mga botanteng walang kinakatigang partido na bumoto sa kanilang mga labanan sa primarya para sa pagkapangulo sa pamamagitan ng paghiling ng “crossover” na balota. Para sa eleksyon sa Marso 3, ang mga partidong iyon ay ang mga partidong American Independent, Democratic, at Libertarian. Inilista ng crossover na balota ang labanan sa primarya ng partido para sa pagkapangulo ngunit hindi ang labanan para sa sentral na komite ng county, kung mayroon man.

3 Paano ako makahihiling ng crossover na balota?

Kung nakarehistro kayo na walang kinakatigang partido, maaari kayong humiling ng crossover na balota ng partidong American Independent, Democratic, at Libertarian sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- Tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310
- Kompletuhin at isumite ang aplikasyong nasa likod na pabalat ng pamplet na ito
- Magpunta sa sfelections.org/voterportal
- Mag-email sa SFVote@sfgov.org

e. Magpadala ng kahilingan sa pamamagitan ng koreo sa 1 Dr. Carlton B Goodlett Pl., Rm 48, SF, CA 94102 o mag-fax sa (415) 554-7344

f. Magtanong sa Sentro ng Botohan o lugar ng botohan.

4 Ano-ano ang mga kailangan kong gawin para makatanggap ng ibang balota?

Kung rehistrado kayo na may kuwalipikadong politikal na partido ngunit gusto ninyong bumoto sa labanan sa primarya para sa pagkapangulo o labanan para sa miyembro ng sentral na komite ng county ng *ibang* partido, kailangan ninyong muling magparehistro sa partidong iyon (tingnan ang Tanong 5).

Kung rehistrado kayo na walang kinakatigang partido at nakatanggap ng hindi makapartidong balota sa pamamagitan ng koreo ngunit gusto ninyong bumoto gamit ang crossover na balota, kailangan ninyong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para sa pamalit na balota (tingnan ang Tanong 3). Maaari din kayong muling magparehistro bilang botanteng may kuwalipikadong politikal na partido upang makaboto gamit ang balotang may labanan sa primarya para sa pagkapangulo at labanan para sa miyembro ng sentral na komite ng county ng partidong iyon.

Para tingnan ang mga opsiyong naaangkop batay sa inyong kinakatigang partido at sa balotang gusto ninyong matanggap, gamitin ang Tool para sa Balota sa Marso 2020 Primarya para sa Pagkapangulo sa sfelections.org/myballot. Ibibigay ng tool ang inyong mga opsiyon sa paghiling ng crossover na balota, kung naaangkop, o sa muling pagpaparehistro bago o pagkatapos ng deadline, at nang sa gayon ay matanggap ninyo ang balotang gusto ninyo.

5 Paano ako muling magpaparehistro o magpapalit ng kinakatigang partido?

Bago ang Pebrero 18 na deadline ng pagpaparehistro, magpunta sa registertovote.ca.gov o kompletuhin at ibalik ang form para sa pagpaparehistro sa papel.

Pagkaraan ng Pebrero 18, bumisita nang personal sa sentro ng botohan o sa lugar ng botohan para kompletuhin ang form sa papel at bumoto gamit ang probisyonal na balota ng inyong bagong partido. Bibilangin ang inyong probisyonal na balota pagkatapos maproseso ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong rehistrasyon.

6 Alin sa 10 halimbawang balota na kasama ng bersiyong Ingles ng pamplet na ito ang naglilista ng mga labanang makikita sa aking opisyal na balota?

Mangyaring sumangguni sa halimbawang balota na tumutugma sa inyong kasalukuyang kinakatigang partido at nakalimbag sa likod na pabalat ng pamplet na ito.

- Kung nakarehistro kayo na may preperensiya para sa isang kuwalipikadong partido, may karapatan kayong bumoto gamit ang opisyal na balota ng partidong iyon at dapat sumangguni sa halimbawang balota ng nasabing partido.



- Kung nakarehistro kayo na walang kinakatigang partido, may karapatan kayong bumoto gamit ang balotang hindi maka-partido o ang crossover na balota mula sa mga partidong American Independent, Democratic, o Libertarian. Mayroon kayong apat na opisyal na balota at apat na halimbawang balota na mapagpipilian.

7 Nakarehistro ako na may kinakatigang partido. Bakit wala sa aking balota ang labanan para sa sentral na komite o konseho ng county ng aking partido?

Hindi makikita ng mga botanteng nakarehistro sa mga partidong American Independent, Green, Libertarian, o Peace and Freedom, at ng mga nakarehistro sa partidong Republican at naninirahan sa Asembleya ng Distrito 19, ang mga labanan sa sentral na komite ng county at konseho ng county sa kanilang balota na para sa Marso 3. Hindi maililista sa balota ang mga labanang ito dahil mas kaunti ang bilang ng mga kandidatang kuwalipikado kaysa sa bilang ng mga katungkulan na maihahalal.

8 Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa primaryang eleksyon para sa pagkapangulo at sa kinakatigang partido?

Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco sa (415) 554-4310, bisitahin ang sfelections.org/2020primary o sos.ca.gov/elections/primary-elections-california.



Ano-ano ang maaari kong iboto sa Marso 3, 2020, na Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo?

Kung nakarehistro ako sa...	...makaboboto ako para sa:	
Democratic	Mga kandidato sa Pagkapangulo Mga miyembro ng Sentral na Komite ng County ng Partidong Democratic	
Republican	Mga kandidato sa Pagkapangulo Mga miyembro ng Sentral na Komite ng County (<i>Asembleya ng Distrito 17 lamang</i>) ng Partidong Republican	
American Independent, Green, Libertarian, o Peace and Freedom	Mga kandidato sa Pagkapangulo ng Partidong iyon	
Walang Kinakatigang Partido	Kapag Humiling* Mga kandidato sa Pagkapangulo ng American Independent Party o Mga kandidato sa Pagkapangulo ng Democratic Party o Mga kandidato sa Pagkapangulo ng Libertarian Party <i>*Makatanggap kayo ng balotang hindi naglalaman ng labanan ng primarya para sa pagkapangulo maliban na lamang kung hihingi kayo ng balota ng partido.</i>	
Boboto ang lahat para sa:		
Mga Katungkulang Nominado ng Botante Kinatawan sa Kongreso ng U.S. Senador ng Estado Miyembro ng Asembleya ng Estado	Mga Katungkulang Hindi Makapartido Mga Hukom ng Korte Superyor	Mga Lokal na Panukala sa Balota Proposisyon 13 ng California Mga Proposisyong A-E ng San Francisco

Upang makatanggap ng ibang balota, gamitin ang Tool para sa Balota sa Marso 2020 Primarya para sa Pagkapangulo sa sfelections.org/myballot, at nang matingnan ang listahan ng mga opsiyong naaangkop para sa inyo.

★ Batas sa mga Karapatan Ng Botante ★

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong taga-pag-employo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan sa California.**
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov



Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

🔒 Pagiging Kumpidensiyal ng Impormasyon at Mga Rekord ng Botante

Ginagamit ng mga opisyal ng eleksyon ang impormasyong nasa inyong form para sa pagpaparehistro bilang botante upang mapadalhan kayo ng opisyal na mga materyales ukol sa eleksyon.

Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Ang ilang impormasyon tungkol sa botante ay maaaring ibigay, kapag hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Halimbawa, maaaring ibigay ang impormasyon sa isang kandidato para sa katungkulan o sa komite ng panukalang-batas. Ang sumusunod na impormasyon ay *hindi maaaring* isiwalat para sa ganitong mga layunin:

- Ang inyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho
- Ang inyong numero ng ID ng estado
- Ang inyong numero ng Social Security
- Ang inyong pirma na ipinapakita sa inyong form para sa pagpaparehistro bilang botante.

Kung kayo ay mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, toll-free sa: (800) 345-VOTE (8683).

🔒 Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Maaaring kuwalipikado ang ilang botante na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay para sa status na kumpidensiyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Safe at Home program ng Kalihim ng Estado, toll-free (walang bayad) sa (877) 322-5227, o bisitahin ang sos.ca.gov.



Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Maaaring humiling ang botante ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota, para sa eleksyon na ito lamang o para sa lahat ng eleksyon. Magsisimulang magpadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga balota nang humigit-kumulang isang buwan bago ang bawat eleksyon.

Bago Kayo Bumoto

1. Magsumite ng inyong kahilingan para bumoto sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon; kailangang matanggap ito ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Pebrero 25, pitong araw bago ang Araw ng Eleksyon.
2. I-check ang inyong kinakatigang partido sa likod ng pabalat ng pamplet na ito o sa sfelections.org/voterportal. Ang inyong kinakatigang partido ang magdedetermina kung sino-sinong mga kanidato sa pagkapangulo ang nasa inyong balota. Para sa Marso 3 eleksyon, ang mga partidong magpapahintulot sa mga botanteng walang kinakatigang partido na bumoto sa kanilang primarya sa pagkapangulo ay ang mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, at Libertaryan. Para palitan ang inyong kinakatigang partido o humiling ng balota ng partido, tingnan ang pahina 4.
3. I-check o i-update ang gusto ninyong wika para sa inyong balota sa sfelections.org/language:
 - Makakukuha ng balota at iba pang materyales sa Ingles at Tsino, Espanyol, o Filipino.
 - Makakukuha ng facsimile na balota sa Vietnamese at Koreano; ito ay mga eksaktong kopya ng opisyal na balota na may isinalin na laman, para magamit ng mga botante bilang pang-reperensiya.
 - Makatutulong ang pagpapahiwatig sa amin ng gusto ninyong wika nang maaga para makuha ang inyong balota sa inyong piniling wika nang mas maaga. Kung hindi man, may mga instruksiyon ang inyong balota para makapagpalit kayo ng balota na naglalaman ng gusto ninyong wika.
4. Kung mayroon kayong kapansanan, pag-isipan kung gagamit kayo ng papel na balota o iba pang accessible na opsiyon (tingnan ang pahina 14).
5. Alamin pa ang tungkol sa sistema ng pagboto ng San Francisco sa sfelections.org.

Kung Paano Humiling na Bumoto sa pamamagitan ng Koreo

- Punan at ibalik ang aplikasyon sa likod ng pabalat ng pamplet na ito.
- Pumunta sa sfelections.org/vbm.
- Tumawag sa (415) 554-4310, o bumisita sa Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.

- Magpadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email ng na-scan na request sa Departamento ng mga Eleksyon, kasama ng inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, address ng tirahan, address kung saan ninyo gustong ipadala ang inyong balota, at inyong pirma.

Para bumoto sa pamamagitan ng koreo para sa lahat ng eleksyon, mag-request na maging permanenteng vote-by-mail na botante sa pamamagitan ng pagkumpleto sa aplikasyon na nasa likod ng pabalat o sa sfelections.org/voterportal.

Kung Magkamali kayo sa Inyong Balota

Para humiling ng pamalit na balota, pumunta sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa (415) 554-4310.

Kung Paano Ibabalik ang Inyong Balota

1. Itupi ang inyong balota nang isa-isa at ilagay ito sa pambalik na sobre.
2. Pirmahan at isara ang sobre.
3. Ibalik ang balota sa takdang oras.

May tatlong paraan para ibalik ang inyong balota:

1. Ipadala sa pamamagitan ng koreo sa Departamento ng mga Eleksyon; ang pambalik na sobre ay kailangang:
 - Naka-postmark bago o sa Araw ng Eleksyon, Martes, Marso 3, AT
 - Matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Biyernes, Marso 6.
2. Ihulog ito sa Drop-Off Station sa labas ng alinmang Sentro ng Botohan, na bukas ng Pebrero 29–Marso 3 sa mga oras ng pagboto (tingnan ang susunod na pahina).
3. Ihulog ito sa kahit anong botohan sa California sa Araw ng Eleksyon.

Kung Paano I-track ang Inyong Balota

I-check ang estado ng inyong balota—mula sa pagpapadala sa koreo hanggang sa pagbibilang—sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa (866) 325-9163 nang toll free (walang bayad). Kung **hindi** mabilang ang inyong balota, makikita sa tool na ito kung paano ninyo iwawasto ang isyu bago ang Araw ng Eleksyon para mabilang namin ang inyong balota.

Simula Pebrero 18, maaari ninyong panoorin ang pagbukas at pagpo-proseso ng mga vote-by-mail na balota sa Departamento ng mga Eleksyon sa sfelections.org/observe.



Pagboto nang Personal

Bago Kayo Bumoto

1. I-check ang inyong kinakatigang partido sa likod ng pabalat ng pamphlet na ito o sa sfelections.org/voterportal. Ang inyong kinakatigang partido ang magdedetermina kung sino-sinong mga kanidato sa pagkapangulo ang nasa inyong balota. Para sa Marso 3 eleksyon, ang mga partidong magpapahintulot sa mga botanteng walang kinakatigang partido na bumoto sa kanilang primarya sa pagkapangulo ay ang mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, at Libertaryan. Para palitan ang inyong kinakatigang partido o humiling ng balota ng partido, tingnan ang pahina 4.
2. Magpasya kung boboto kayo sa Sentro ng Botohan (magsisimula ang pagboto 29 araw bago ang Araw ng Eleksyon) o sa itinakdang botohan sa inyo sa Araw ng Eleksyon.
3. I-check ang lokasyon at mga oras para sa lugar kung saan ninyo gustong bumoto.
4. I-check o i-update ang gusto ninyong wika para sa inyong balota sa sfelections.org/language.
 - Makakukuha ng balota at iba pang materyales sa Ingles at Tsino, Espanyol, o Filipino.
 - Makakukuha ng facsimile na balota sa Vietnamese at Koreano; ito ay mga eksaktong kopya ng opisyal na balota na may isinalin na laman, para magamit ng mga botante na pang-reperensiya.
 - Maaari din kayong humiling sa manggagawa sa botohan ng balota o ng facsimile na balota sa inyong gustong wika.
5. Kung mayroon kayong kapansanan, pag-isipan kung gagamit kayo ng papel na balota o iba pang accessible na opsiyon (tingnan ang pahina 14).
6. Alamin pa ang tungkol sa sistema ng pagboto ng San Francisco sa sfelections.org.

Bumoto sa Sentro ng Botohan

Maaaring bumoto ang sinumang botante ng San Francisco sa alinmang Sentro ng Botohan bago o sa Araw ng Eleksyon.

Sentro ng Botohan sa City Hall, sa labas ng Room 48

- **Lunes hanggang Biyernes**, Pebrero 3–Marso 3, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (sarado sa Pebrero 17, holiday)
- **Sabado at Linggo**, Pebrero 22–23 at Pebrero 29–Marso 1, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. (pumasok sa may bandang Grove Street)
- ★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Marso 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Sentro ng Botohan sa San Francisco State University,
798 State Drive, Towers Conference Center

- **Sabado at Linggo**, Pebrero 29–Marso 1, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- **Lunes**, Marso 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- ★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Marso 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bago to! Sentro ng Botohan sa Joseph Lee Recreation Center,
1395 Mendell Street

- **Sabado at Linggo**, Pebrero 29–Marso 1, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- **Lunes**, Marso 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- ★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Marso 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bumoto sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

- Ang lugar ng inyong tirahan ang siyang magdedetermina kung anong mga labanan at mga kandidato ang ipapakita sa inyong balota. Para tumanggap ng balota na may tamang mga labanan at kandidato, bumoto sa itinalagang botohan sa inyo.
- I-check ang address ng inyong botohan sa likod na pabalat ng pamphlet na ito, o pumunta sa sfelections.org/pollsite.
- Bukas ang mga botohan sa Araw ng Eleksyon, Martes, Marso 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Tandaan ang Petsa!

Nobyembre 3, 2020

Pangkalahatang Eleksyon




Pagmamarka sa Inyong Balota

Mga Instruksiyon sa Pagboto

1. Basahin ang mga instruksiyong naka-print o makikita sa bawat card ng balota.
2. Gumamit ng panulat na may itim o matinkad na asul na tinta.
3. Punan ang oval sa tabi ng inyong pinili para sa labanan o panukalang-batas, gaya ng ipinakikita sa larawan.
4. Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval sa tabi ng espasyong iyon; para sa listahan ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, bisitahin ang sfelections.org/writein sa Pebrero 21 o pagkalipas nito, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan.
5. Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, iwan itong blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang mga labanan at panukalang-batas.
6. Huwag magsulat ng personal na impormasyon, gaya ng inyong pangalan, saanmang bahagi ng balota.
7. Nagkamali? Para kumuha ng pamalit na balota, pumunta sa sfelections.org/voterportal, tumawag sa (415) 554-4310, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan.

Paano mamarkahan ang inyong pinili



Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pederal, pang-estado, pandistrito at munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya.

Viva Mogi, Presidente
itinalaga ng District Attorney

Charlotte Hill, Bise Presidente
itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Lucy Bernholz
itinalaga ng Tesorero

Roger Donaldson
itinalaga ng City Attorney

Christopher Jerdonek
itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Charles Jung
itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Jill Rowe
itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)



Panatilihing Napapanahon ang inyong Rehistrasyon bilang Botante!

Sa bawat eleksyon, mahalagang tama at napapanahon ang inyong impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon bilang botante. Sa eleksyong ito, nais rin ninyong makasiguro na ang inyong rekord ng rehistrasyon ay naglalaman ng inyong tamang kinakatigang politikal na partido (tingnan ang pahina 4).

Kung paano magparehistro para makaboto o mag-update ng impormasyon sa inyong rehistrasyon

Maaari kayong magparehistro o mag-update ng impormasyon sa inyong rehistrasyon, gaya ng inyong kinakatigang partido, online sa registertovote.ca.gov.

Maaari din ninyong kompletuhin ang pagpaparehistro sa papel. Para humiling nito, tumawag sa (415) 554-4310, mag-email sa SFVote@sfgov.org, o bisitahin ang tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.

Mangyaring magparehistro o muling magparehistro bago sumapit ang Pebrero 18. *Maaari* kayong magparehistro o muling magparehistro pagkaraan ng deadline para sa pagpaparehistro sa sentro ng botohan o lugar ng botohan, ngunit mabibigyan kayo ng pagpaparehistro bago ang deadline ng mas maraming opsiyon sa pagboto at posibleng makatipid kayo ng oras, kaya mas maaga, mas mainam!

Kapag hindi kayo umabot sa deadline para sa pagpaparehistro, maaari pa rin kayong magparehistro at makaboto

Pagkaraan ng Pebrero 18, ang mga botanteng hindi umabot sa deadline para sa pagpaparehistro ay maaaring magtungo sa mga sentro ng botohan o lugar ng botohan para sa kondisyonal na pagpaparehistro at probisyonal na pagboto. Nangangahulugan ito na mayroon kayong karagdagang hakbang ng pagpaparehistro nang personal kapag pumunta kayo para bumoto, at kailangang kumpirmahin ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong pagiging kuwalipikado bago bilangin ang inyong balota.

Para maiwasan ang pangangailangang magkompleto ng karagdagang form at ang muling paghihintay para mabilang ang inyong balota, mangyaring magparehistro at bumoto nang maaga hangga't maaari.

Magparehistro online sa registertovote.ca.gov



Kompletuhin ang aplikasyon para sa pagpaparehistro


Sa Pebrero 18 ang deadline para sa pagpaparehistro. Pagkaraan ng deadline, maaari kayong kondisyonal na magparehistro sa sentro ng botohan o lugar ng botohan at bumoto nang probisyonal.



Apat na Mabilisang Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod

Nagsimulang gumamit ang mga botante ng San Francisco ng bagong sistema ng pagboto, na sertipikado ng Kalihim ng Estado ng California, noong eleksyon ng Nobyembre 5, 2019. Mapapansin ng mga botanteng hindi pa nakagagamit ng sistema ng pagbotong ito ang ilang pagbabago:

- 1 Sa halip na pagdugtungin ang mga arrow para markahan ang kanilang mga balota gaya noong nakaraan, pupunan ng mga botante ang mga oval sa tabi ng kanilang mga napili, tulad nito:



- 2 Ang lahat ng mga sentro ng botohan at mga lugar ng botohan ay mayroong accessible na Ballot-Marking Device (Makinang Pang-marka ng Balota) na mayroong ilang mahahalagang katangian:
 - Audio at touchscreen na format ng mga balota (mayroong mga headphone at keypad)
 - Tumutugma sa teknolohiyang dinisenyo na pantulong tulad ng sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga), at mga headpointer (aparotong pangpindot na nakalagay sa ulo)
 - Ang mga napili ng botante ay ipi-print sa papel na balota at isa-scan ng mga Ballot-Scanning Machine (Makinang Pang-scan ng Balota)

- Pinapanatili ang pagiging pribado ng impormasyon ng botante sa pamamagitan ng hindi pag-iimbak ng mga boto
- 3 Tinutugunan ng sistema ng pagboto ang mahihigpit na pamantayan sa seguridad. Walang bahagi ng sistema ang kumokonekta sa internet o tumatanggap o nagpapadala ng datos sa pamamagitan ng anumang panlabas na network para sa komunikasyon. Bago ang bawat eleksyon, ineeksamen ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng kagamitan sa pagboto upang matiyak na ang mga makina ay mekanikal na gumagana at lohikal ang pagiging tumpak. Bukas sa pampublikong obserbasyon ang pag-eeksameng ito. Maaari itong personal na masaksihan o mapanood sa pamamagitan ng livestream sa website ng Departamento sa [sfelections.org/observe](https://www.sfelections.org/observe). Para sa kalendaryo ng mga obserbasyon para sa Marso 3 eleksyon, bisitahin ang [sfelections.org/observe](https://www.sfelections.org/observe).
 - 4 Ipinopost ng Departamento ng mga Eleksyon sa website nito ang mga imahe ng binotohang mga balota, kabilang na ang mga impormasyon kung paano binasa at binilang ang mga marka sa bawat balota, para matingnan ng mga interesadong miyembro ng publiko.

Kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa sistema ng pagboto ng Lungsod, tumawag sa (415) 554-4310, sumulat sa sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang aming tanggapan sa City Hall, Room 48.

Parating na: ang Census 2020 ng Estados Unidos

Sa Marso 2020, makatatanggap ang bawat kabahayan ng sulat mula sa Census Bureau (Kawanihan ng Census) ng Estados Unidos, na nagtataglay ng mga instruksiyon kung paano sasagutin ang 2020 Census Questionnaire (Palatanungan upang Makakuha ng Impormasyon sa mga Populasyon).

Itinatakda ng Konstitusyon ng Estados Unidos sa pederal na gobyerno na bilangin ang lahat ng tao na naninirahan sa bansa tuwing ika-10 taon. Hinuhubog ng datos mula sa census

(pagkuha ng impormasyon tungkol sa mga populasyon) ang kinabukasan ng ating komunidad sa pamamagitan ng pagtatakda ng representasyon sa Kongreso at pagpopondo ng pederal na gobyerno para sa edukasyon, transportasyon, pangangalaga sa kalusugan, at marami pang iba.

Para sa impormasyon tungkol sa 2020 Census, bisitahin ang www.census.gov o ang sfgov.org/oceia/census.



Nahihirapan ba kayong bumoto dahil sa kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay nangangasiwa ng
Voting Hotline (matatawagang numero):

7:00 AM hanggang 8:00 PM sa Araw ng Eleksyon

**Tumatanggap rin kami ng mga tawag bago sa, at pagkatapos
ng eleksyon.**

Layunin namin ang tumulong sa mga botanteng
may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na
ekspiryensya sa pagboto, at tukuyin ang mga isyu na
maaari naming tugunan.



Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Accessible na impormasyon para sa botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na nasa wikang (Tsino, Espanyol, Filipino) ay makukuha sa mga accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para mag-request, tumawag sa (415) 554-4310.

Accessible na pagboto

May mga sumusunod na opsiyon ang lahat ng botante:

Pagboto sa pamamagitan ng koreo: Tingnan ang pahina 8. Kailangang matanggap nang hindi lalampas ng Pebrero 25 ang mga hiling para bumoto sa pamamagitan ng koreo.

- Kung kayo ay may kapansanan, maaari ninyong gamitin ang **accessible vote-by-mail system** sa *sfelections.org/access* para ma-access at mamarkahan ang inyong balota gamit ang anumang computer na may internet access. Pagkatapos ninyong markahan ang inyong balota, kailangan ninyo itong i-print, ilagay sa pambalik na sobre, at ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal.
- Para mag-request ng **large-print ballot (malaki ang pagkakaimprentang balota)**, makipag-ugnay sa Departamento ng mga Eleksyon.

Bumoto sa isang Sentro ng Botohan: Accessible (madaling puntahan) ang mga Sentro ng Botohan sa City Hall, sa San Francisco State University, at sa Joseph Lee Recreation Center; accessible ang City Hall mula sa alinman sa apat nitong pasukan. Ang bawat Sentro ng Botohan ay mayroong kagamitang pantulong na nakalista sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 9.

Bumoto sa inyong Lugar ng Botohan: Tingnan ang likod na pabalat para sa address at impormasyon tungkol sa aksesibilidad.

- Kung hindi accessible ang inyong lugar ng botohan, pumunta sa *sfelections.org/pollsite* o tumawag sa (415) 554-4310 para sa lokasyon ng pinakamalapit na botohan sa inyong distrito.

- Mayroong **accessible ballot-marking device (aparating ginagamit para sa mas madaling pagmamarka ng balota)** sa bawat botohan, kabilang na ang mga Sentro ng Botohan sa City Hall, San Francisco State University, at sa Joseph Lee Recreation Center.
 - Pinahihintulutan nito ang mga botanteng may kapansanan sa paningin o paggalaw o may iba pang espesipikong pangangailangan na bumoto nang pribado at malaya.
 - Maaari ninyong piliin ang format ng balota (touchscreen, audio, o pareho) at ang wika ng balota: Ingles, Tsino (Cantonese o Mandarin na audio), Espanyol, o Filipino.
 - Maaari ninyong suriing muli ang inyong mga pinili bago iprint at isumite ang inyong boto.
 - Compatible ang device (gumagana ang aparato) kapag ikinabit sa maraming iba pang assistive na device (aparating nakatutulong sa botante), gaya ng mga switch ng sip/puff at mga headpointer (aparating isinusuot sa ulo na ginagamit panturo). Maaari ninyong dalhin ang inyong sariling device o mag-request ng isa sa (415) 554-4310. Hangga't maaari, magbigay ng 72 oras na abiso nang maseguro na mayroong magagamit.
 - Alamin pa ang tungkol dito sa *sfelections.org*.
- Mayroon pang ibang mga paraan para kayo ay matulungan sa bawat botohan at Sentro ng Botohan:
 - **Personal na tulong:** maaari kayong magsama ng hanggang sa dalawang katao, kabilang na ang mga manggagawa sa botohan, sa inyong voting booth (mismong puwesto ng pagbobotohan).
 - **Curbside voting (Pagboto sa gilid ng daan):** kung hindi kayo makapapasok sa inyong botohan, maaaring dalhin sa inyo ng mga manggagawa sa botohan ang inyong mga kagamitan sa pagboto sa labas ng botohan.
 - **Seated voting (Pagboto nang nakaupo).**
 - **Mga kasangkapan sa pagboto:** mga magnifier at easy-grip na mga panulat para sa pagpirma sa listahan at pagmamarka ng balota.
 - Mayroong video ng **American Sign Language interpretation** sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon.



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual,

at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org o tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street..... (415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue.....(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street (415) 561-1835 o (415) 561-1836

Mission Campus

1125 Valencia Street ... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

Ocean Campus

50 Frida Kahlo Way ... (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344

Impormasyon tungkol sa Kandidato

Abiso tungkol sa mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Hindi nagsusumite ang lahat ng kandidato ng mga pahayag tungkol sa kanilang mga kuwalipikasyon. Makikita ang kompletong listahan ng mga kandidato sa halimbawang balota, na matatagpuan sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng rehistradong botante. Para mahanap ang halimbawang balota, tingnan ang talaan ng mga nilalaman (table of contents).

Ang bawat pahayag tungkol sa mga kuwalipikasyon ng mga kandidato, kung mayroon man, ay kusang-loob na ibinigay ng kandidato at ang pagpapalimbag nito, para sa ilang katungkulan, ay gastos ng kandidato.

Maaari ninyong mahanap ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa:

- **Website ng Kalihim ng Estado ng California,** voterguide.sos.ca.gov mga kandidato sa Pagkapangulo

- **Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco** (*ang gabay na ito*): mga kandidato para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos, Senador ng Estado (kung elihibleng mag-sumite; tingnan sa ibaba), Asembleya ng Estado (kung elihibleng mag-sumite; tingnan sa ibaba), Hukom ng Korte Superyor

Ang mga kandidato para sa sentral na komite o konseho ng county ng politikal na partido ay hindi elihibleng magsumite ng pahayag ng mga kuwalipikasyon para sa paglalathala.



Inililimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite ng mga kandidato, kabilang na ang anumang kamalian sa pagkaka-type, spelling, o grammar. Hindi sinisiyasat ang mga pahayag para sa kawastuhan ng Direktor ng Departamento ng mga Eleksyon o anumang iba pang ahensiya, opisyal, o empleyado ng Lungsod.

Boluntaryong Limitasyon sa Paggastos at Mga Pahayag sa Kampanya ng mga Kandidato sa Lehislatura ng Estado

Noong Nobyembre 2000, inaprubahan ang Proposisyon 34 ng mga botante ng California, kung saan nakasaad na kapag tinanggap ng isang kandidato para sa Senado o Asembleya ng Estado ang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos sa kampanya na tinutukoy ng Section 85400 ng California Government Code, maaaring bumili ng espasyo ang kandidato para mailagay ang Pahayag ng Kandidato sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante.

Ang mga kandidato sa lehislatura na tinanggap ang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos sa kampanya, at dahil dito ay kuwalipikadong magsumite ng pahayag ng kandidato para sa

Pinagsamang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo sa Marso 3, 2020, ay sina:

Senador ng Estado, Distrito 11

Jackie Fielder

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17

David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19

John P. McDonnell

Phil Ting

Mga Pag-Endorso ng Partido

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante. Ang mga pag-endorso ng partidong natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon sa deadline ng pagsusumite ay ang mga sumusunod:

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12

Partidong Demokratiko: Nancy Pelosi

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 14

Partidong Demokratiko: Jackie Speier

Partidong Republikano: Ran S. Petel

Senador ng Estado, Distrito 11

Partidong Demokratiko: Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17

Partidong Demokratiko: David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19

Partidong Demokratiko: Phil Ting



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

AGATHA BACELAR

Ang aking trabaho ay Advocate (Tagapagtaguyod), Gumagawa ng mga Pelikulang Dokumentaryo

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Agatha Bacelar ang pangalan ko, at isa akong 28 taong gulang na imigranteng Brazilian-Amerikano, inhinyero sa Stanford, at tagapagtaguyod ng katarungang panlipunan. Sinusuportahan ko ang mga polisiyang Green New Deal (Plano kaugnay ng Pagbabago ng Klima), Medicare for All (Medicare para sa Lahat), at pagtatanggal ng pera sa politika. Naniniwala rin ako na dapat tayong magpatupad ng unibersal na batayang kita at digital na pagboto, upang magkaroon ng higit na paglahok sa ating demokrasya.

Tagapagtatag akong miyembro ng pansibikong non-profit sa teknolohiya, at ginugol ko na ang malaking bahagi ng aking karera sa paggawa ng mga pelikulang dokumentaryo at sa pagtataguyod sa mga politikal na usapin. May motibasyon akong tumakbo dahil nakakita na ako ng napakaraming hindi kinakailangang pagdurusa, at alam kong hindi nagtutugma ang realidad sa Kongreso sa karanasan sa buhay ng karaniwang mga Amerikano.

Anuman ang mangyari kay Trump, hindi na sapat na bumalik sa sitwasyon bago pa siya naging pangulo. Ihalal natin ang kinabukasan.

Alamin pa ang tungkol sa aming kampanya online:

Website: agathaforcongress.com

Twitter: @agathaforcongress

Instagram: @aggiebacelar

Agatha Bacelar

SHAHID BUTTAR

Ang aking trabaho ay Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pahayag ng Kandidato sa 2020 para kay Shahid Buttar

Tumatakbo ako para sa Kongreso dahil nakataya ang inyong kinabukasan. Naririto ako upang ipagtanggol ito mula sa nakaraan.

Narapat lamang para sa San Francisco ang kinatawan na makikipaglaban para sa mga karapatang pantao sa pangangalaga ng kalusugan, pabahay, pagkain, hustisya, migrasyon, at malinis na hangin at tubig.

Mahalaga ang mga usaping ito sa mga taga-San Francisco. Personal para sa akin ang bawat isa sa mga ito.

Ako ay imigrante. Nagpapasalamat ako na nagkaroon ako ng pagsasanay—at nakapagturo—sa ating pinakanatatanging legal na institusyon ng estado. Iyan ang dahilan kung bakit hindi ako puwedeng manood na lamang habang humuhulagpos na sa ating mga kamay ang pamanang kalayaan at oportunidad na nagbigay-inspirasyon sa aking pamilyang magmigrante rito.

Alam ko kung paano makipagtunggali sa kahirapan. Noong 16 taong gulang ako, naremata ang tahanan ng aking pamilya. Inabot ako ng 10 taon upang makakuha ng aking diploma sa kolehiyo habang full-time na nagtatrabaho at madalas na sa gabi pumapasok sa paaralan.

Nakatulong na sa pagbabago sa lipunan ang aking mapangahas na adbokasiya. Noong 2004, kinatawan ko ang mayor na nagdala ng pagkaka-pantay-pantay sa pag-aasawa sa pambansang entablado. 15 taon pagkatapos nito, matagumpay akong nakipaglaban upang ang San Francisco ang maging unang lungsod sa bansa na nagbawal sa teknolohiya sa face surveillance (pagmamatyag gamit ang mukha).

Magtatrabaho ako sa Kongreso upang ipagtanggol ang mga karapatang pantao, at palawakin ang mga ito. Magtatrabaho ako upang tiyakin ang Medicare for All at ang Green New Deal. At hahamunin ko ang nagaganap sa dalawang partido na korupsiyon sa ugnayan ng militar at mga negosyo, at sa gayon, maipagtanggol ang ating demokrasya.

Mga Pag-eendorso

Dean Preston - Inihalal na Superbisor ng Distrito 5

Matt Gonzalez, Dating Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Democratic Socialists of America (Mga Demokratikong Sosyalista ng Amerika) - SF

SF Berniecrats

California Progressive Alliance (Progresibong Alyansa para sa California)

Bay Area for Bernie (Bay Area para kay Bernie)

Shahid Buttar

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

JOHN DENNIS

Ang aking trabaho ay Independiyenteng Negosyante.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Lumaki ako sa pampublikong pabahay, bilang anak ng uring manggagawa na mga magulang. Pumasok ako sa maaayos na paaralan at nagsimula ng matatagumpay na negosyo, kaya't natutunan ko kung paano magtakda ng nakakamit na mga layunin at lumutas ng mga problema.

Ikinararangal ko ang pagiging asawa at ama.

Gustong-gusto ng aking pamilya na maging matagumpay ang San Francisco.

Gayon pa man, bumaba na nang bumaba nitong nakaraang mga dekada ang kalidad ng buhay para sa mga karaniwang taga-San Francisco.

Natutulong sa kalye ang mga walang tahanan. Ginagamit ang mga bangketa bilang palikuran. Hindi tumatakbo sa oras ang mga bus. Tuloy-tuloy ang konstruksiyon, pero hindi gumaganda ang mga kalye.

Samantala, kailangang magbayad para sa pabahay ng mga taga-San Francisco nang higit na mas mataas na halaga kaysa sa sinuman sa mundo. Ang pagmamay-ari ng tahanan ay nakakamit ng piling iilan lamang.

Kakaunti lamang ang nagawa ng mga politiko sa City Hall (munisipyo) upang matugunan ang usaping kailangang maharap agad.

Masipag na nagtatrabaho araw-araw ang mga taga-San Francisco, habang aroganteng nagbubulag-bulagan ang mayayaman at may kapangyarihan sa mga problema ng lungsod.

Ang San Francisco ang lungsod na hindi na gumagana.

Mababago natin ito.

May napakalaking impluwensiya ng inyong kinatawan sa kongreso sa mga prayoridad ng City Hall.

Bilang inyong kongresista, gagamitin ko ang lahat ng rekursong pederal na maipagkakaloob ko para mahikayat ang mga politiko ng City Hall upang wakasan ang kawalan ng tahanan, linisin ang mga kalye, itigil ang krimen sa pag-aari, at bigyan ang mga taga-San Francisco ng kalidad ng buhay na nararapat sa kanila.

Magtatrabaho ako upang mawakasan ang higitang kakulangan sa pondo at utang ng Washington, ititigil ang walang katapusang mga giyera, at ibabalik ang inyong mga kalayaang sibil. Uunahin ko ang Amerika sa pakikipagkalakalan at sa polisiya sa pakikitungo sa ibang bansa, at tutulong upang mabigyan ng seguridad ang ating mga border.

Sama-sama nating muling mapagtitibay ang reputasyon ng ating lungsod bilang santuwaryo para sa kalayaan, pagkamit ng tagumpay, at pagiging malikhain. Ikarararangal kong makuha ang inyong boto.

John Dennis

TOM GALLAGHER

Ang aking trabaho ay Guro / Manunulat.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

PAHAYAG NG KANDIDATO UKOL SA MGA KUWALIPIKASYON

Sinusuportahan ko ang pinahusay na Medicare for All, ang Green New Deal, ang pagwawakas sa ating walang katapusang mga giyera, ang Marshall Plan para sa Gitnang Amerika, ang bayad-pinsala para sa mga may ninunong alipin at Natibo Amerikano, at buong pederal na pagpopondo sa pampublikong edukasyon.

Nagawa ko nang:

Makipagtrabaho sa mga kawani ng Proposisyon 186, ang 1994 na inisyatiba para sa paglikha ng sistemang single-payer o sistema kung saan iisang ahensiya lamang ang nag-oorganisa ng pagpipinansiya ng pangangalaga sa kalusugan (na naaprubahan na ng San Francisco).

Mangolekta ng 10,000+ lagda online para sa Green New Deal sa 2019.

Mag-organisa at maipasa ang Proposisyon U, kung kaya't ito ang naging polisiya ng San Francisco upang tanggalan ng pondo ang Digmaan sa Iraq noong 2008.

Magtatrabaho sa mga Pampublikong Paaralan ng San Francisco nitong nakaraang 20 taon: miyembro, United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco), AFL-CIO; dating miyembro ng Executive Board (Ehekutibong Lupon).

Katawanin ang Boston sa Massachusetts House of Representatives (Kongreso ng Massachusetts), kung saan naging tagapangulo ako ng Progressive Caucus (Pulong ng mga Progresibo), at maging awtor ng mga batas na:

Nagbabawal sa "balance billing (pagsingil sa halagang hindi sinasakop ng seguro)" ng Medicare.

Nagbabawal sa public reimbursement (pagsasauli ng inilabas na pera gamit ang pondo ng gobyerno) para sa nagasta sa "pagbuwag sa unyon." Nagkakaloob ng direktang eleksyon ng mga empleyado ng estado at miyembrong guro sa mga pension fund investment board (lupon sa pamumuhunan sa mga pampensiyong pondo),

Nagtataas sa ibinibigay na perang nakalaan sa bata sa tumatanggap ng unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado). Pinamamahalaan ang pagbibiyaha sa tren ng mapanganib na materyales. Nakapag-sponsor na ako ng: Mga batas ukol sa karapatan ng mga bakla, laban sa seksuwal na pangha-harass, at pagre-recycle.

Naglingkod na ako bilang:

Election Officer (Opisyal sa Eleksyon) ng United Nations, East Timor, 1999.

Superisor ng Rehistrasyon at Eleksyon ng mga Botante, Bosnia at Herzegovina, 1997, 1998.

Taga-observer ng Eleksiyon, Azerbaijan, Bosnia at Herzegovina, Georgia, Kyrgyz Republic, Macedonia, Russia, Ukraine, 2000-2018.

Naging Tagapangulo ng Boston Democratic Socialists of America (Demokratikong mga Sosyalista ng Amerika sa Boston).

Nasulat ko na ang:

"The Primary Route: How the 99% takes on the military-industrial complex (Ang Pangunahing Daan: Kung paano nilalaban ng 99% ang ugnayan ng militar at mga negosyo)" at

Hindi mabilang na artikulo at rebyu, at marami sa mga ito ang matatagpuan sa TomGallagherwrites.com

Nakapag-organisa na ako ng:

Mga pagsusumikap laban sa giyera magmula pa noong Indochina Peace Campaign (Kampanya para sa Kapayapaan sa Indochina).

Maka-manggagawang mga kampanya magmula pa noong pagboykot sa ubas ng United Farm Workers Union (Unyon ng mga Nagkakaisang Manggagawang Bukid).

Tom Gallagher

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

NANCY PELOSI

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Karangalan kong maglingkod bilang inyong Representative (Kinatawan) sa Kongreso, kung saan pinamumunuan ko ang pinaka-diverse o may pagkakaiba-ibang House Democratic Caucus (Pulong ng mga Demokratiko sa Kongreso) sa kasaysayan. Bilang inyong Representative, nakipaglaban na ako upang matiyak ang pagkakaroon ng kritikal na mga rekurso para sa mga imprastrukturang pantransportasyon, City College (Kolehiyo ng Lungsod), ang ating malinis na baybayin, abot-kayang pabahay, at ang tunggalian laban sa HIV/AIDS.

Bilang inyong Speaker (Tagapagsalita) sa ika-116 Kongreso, naghahatid na ang Demokratikong Mayorya ng makabuluhang pag-unlad Para sa Taumbayan, at nang mapababa ang halaga ng gamot at maprotektahan ang pangangalaga sa atin; lumikha ng mga trabaho na mas malalaki ang bayad at pantay na bayad kapalit ng pantay na trabaho; muling itayo ang mga imprastruktura; kumilos na ngayon para sa klima; ibalik ang Net Neutrality (prinsipyong dapat na naa-access ang lahat ng site, nilalaman at aplikasyon sa magkakaiparehong bilis); ipasa ang LGBTQ Equality Act (Batas ukol sa Pantay na mga Karapatan para sa LGBTQ); ang Violence Against Women Act (Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan); at background check (pagsisiyasat ukol sa pagkatao at rekord ng indibidwal) na batay sa sentido komun; suportahan ang ating mga beterano at imigrante; at protektahan ang ating demokrasya, ang ating mga eleksyon, at ang karapatang pantao sa buong daigdig.

Dahil pinahihina ang ating Konstitusyon ng kasalukuyang nasa White House (opisyal na tahanan at tanggapan ng Pangulo) at nabibigo ang mga Republikano na isakatuparan ang kanilang sinumpaang tungkulin, naging mahirap ang pakikipagtunggali para sa katarungan sa kritikal na panahong ito para sa ating demokrasya.

Pero hindi tayo basta lang nagdurusa, bagkus ay nag-oorganisa.

Noong lumabas si Benjamin Franklin mula sa Independence Hall (Bulwagan ng Independensiya) noong Setyembre 17, 1787, matapos naisabatas ang ating Konstitusyon, nagtanong ang taumbayan, "Ano ang mayroon tayo — monarkiya ba o republika?" Ang sabi niya: "Republika, kung mapananatili ninyo ito."

May responsibilidad tayong panatilihin at protektahan ito — para sa ating mga anak at sa ating kinabukasan.

Pinakamalaking pribilehiyo ko ang paglilingkod bilang U.S. Representative para sa San Francisco. Umaasa akong makukuha ko ang inyong suporta sa muling paghahalal sa akin, at makatrabaho natin ang isa't isa upang patuloy na mapaganda pa ang mga buhay sa ating komunidad at para sa mga mamamayang Amerikano.

Nancy Pelosi

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 14

JACKIE SPEIER

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sineseryoso ko ang aking responsibilidad na paglingkuran kayo at iyan ang dahilan kung bakit nagsasagawa ako ng mga regular na townhall (pampublikong pulong) upang mapakinggan kayo. Ito na ang mga nagawa ko bilang resulta nito:

Pagbabago sa klima – kasama ako sa pagso-sponsor sa Green New Deal (Plano kaugnay ng Pagbabago ng Klima) at naging awtor ng batas upang lumikha ng awtomatikong diskuwento para sa lahat ng elektronikong sasakyan na gawa sa Amerika, na siyang lilikha ng mga trabaho at magbibigay ng solusyon sa paglalabas ng kemikal na masama sa kapaligiran.

Trapiiko at pabahay – tumulong ako sa pagtitiyak ng pagkakaroon ng \$647 pederal na grant (tulong pinansiyal) para sa elektripikasyon ng CalTrain, at nang mabawasan ang polusyon, at nakipaglaban ako para sa abot-kayang pabahay sa pampublikong lupa.

Ingay ng airport – nagpakilala ako ng 8 panukalang-batas na nagpapahintulot sa curfew (restriksiyon sa oras) sa airport, pera para sa paglalagay ng insulasyon mula sa ingay sa mga tahanan, at mga bagong ruta upang maiwasan ang ingay sa ibabaw ng mga gusali sa gabi.

Mga baril – nag-sponsor ako ng 3 gun buyback (pagbili ng pulisya ng pribadong baril), sinusuportahan ko ang komprehensibong background check (pagsisiyasat ukol sa pagkatao at rekord ng indibidwal) at pagbabawal sa mga assault weapon (semiautomatic na riple, shotgun, o pistola).

Mga inireresetang gamot at Medicare– sinusuportahan ko ang pakikipagnegosasyon ng gobyerno sa mga parmasyotikong kompanya ukol sa presyo ng gamot at ang pagpapanatiling malakas ng Medicare.

Mga Beterano – nabawi na ang mahigit sa \$200,000 ng mga benepisyo ng beterano.

Affordable Care Act (Batas ukol sa Abot-kayang Pangangalaga) – masigasig kong itinataguyod ang ACA, kung saan ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa preexisting condition (kapansanan o sakit na mayroon na ang kumukuha ng seguro) at nakakuha na ako ng pondo para sa pananaliksik ukol sa kanser sa mga bata.

Pantay na karapatan para sa kababaihan at pantay na karapatan para sa lahat – naging awtor ako ng resolusyon upang mapabilis ang ratipikasyon ng Equal Rights Amendment (Pag-amyenda sa Konstitusyon para sa Pantay na mga Karapatan), Me Too Congress Act (Nag-aamyendang Batas ukol sa Proteksiyon Laban sa Seksuwal na Pangha-harass at Diskriminasyon sa Lehislatibong Sangay), tagapagtanggol ng mga karapatan ng LGBTQ, matapat na tagapagtaguyod ng reproductive justice (karapatang pantao na mapanatili ang personal na awtonomiya sa katawan) at ng pagharap sa mga krimeng batay sa pagkasuklam at rasismo.

Pagkakaroon ng pananagutan ng Pangulo – patuloy na papanagutin ko ang ating Pangulo at babantayan ang ating elektoral na proseso mula sa panghihimasok ng ibang bansa, hayagan akong nagtataguyod sa awtoridad ng batas at sa proteksiyon sa mga whistleblower (nagbibigay ng impormasyon ukol sa ilegal na gawain).

Hindi ibinebenta ang ating demokrasya, pero posibleng magkaroon ng dayuhan at domestikong pag-atake nito. Hindi ko hahayaang mangyari iyan.

Narinig ko na kayo. Kayo ang aking prayoridad. Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

Jackie Speier

ERIC TAYLOR

Ang aking trabaho ay Tagapamahala ng Pananaliksik / Tagapagtaguyod ng Pampublikong Interes (Superbisyon sa mga Pinansiyal na Institusyon, FinReg).

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Eric Taylor
Tagapamahala ng Pananaliksik / Tagapagtaguyod ng Pampublikong Interes (FinReg)

Isa akong tagapamahala ng pananaliksik na nagtatrabaho sa espasyo ng birtwal na realidad. Gayon pa man, mas mahalaga kong ambisyon sa buhay ang pagtatrabaho sa paglutas ng mga problema ng totoong mundo: kawalan ng pagkakapantay-pantay, pagbabago ng klima, pagkabulok ng mga institusyon, ang pagguho ng ating demokrasya...

Nitong nakaraang ilang taon, nakapagtrabaho na ako bilang tagapagtaguyod ng pampublikong interes matapos na maging kasamang tagapagtatag ng non-profit na tinatawag na Occupy the SEC (Okupahin ang SEC, OSEC). Sa pamamagitan ng OSEC, nagtrabaho ako sa ilang usapin na may kaugnayan sa mga regulasyon sa pinansiyal na merkado. Bukod rito, naglingkod ako sa Army (Sandatahang Lakas) sa loob ng pitong taon bilang inhinyerong opisyal.

May mahigit sa isang tunguhin ang aking kampanya, pero pangunahing prayoridad ko ang magsulong ng ideya na sa aking palagay ay lubos na makatutulong sa paggana ng ating demokrasya. Sa espesipikong pananalita, tumatakbo ako sa pangakong kapag nahalal ako, gagawin kong "open source" (bukas at nagagamit ng lahat) ang mga borador o draft na lehislasyon ng aking opisina. Ang ibig sabihin nito, gagamitin ko ang parehong bersiyon ng pangkontrol na kagamitan ng mga software engineer upang mapamahalaan ang mga proyektong open source (kung baga, Git), at sa gayon, mabigyang-lakas ang sinumang nakagagamit ng internet upang makipagkolaborasyon sa aking opisina tungo sa pagsusulat ng lehislasyon sa bukas na paraan.

Sa madaling salita, pangunahing tunguhin ng aking kampanya na bigyang-lakas ang lahat upang makalahok sa proseso ng paggawa ng mga tuntuning sinusunod natin sa buhay (na siyang humuhubog sa mundong pinamumuhayan natin), anuman ang kanilang ranggo o posisyon.

Sa mas malawak na konteksto, sinusuportahan ko ang mga progresibong layunin at lumikha na ako ng platapormang tinatawag na Wonkhub, upang makagawa ng kontribusyon ang mga tao sa paglalalahad ng mga mungkahi at sa mga kampanya sa pamamahayag para sa paghihimay ng mga detalye. Para sa mas marami pang detalye, bisitahin ang:

<https://erictaylor.house>

<https://wonkhub.com/u/eric>

Eric Taylor

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidator para sa Senador ng Estado, Distrito 11

JACKIE FIELDER

Ang aking trabaho ay Edukador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong Natibong Amerikano (Two Kettle Lakota at Hidatsa), Mehikana, at babaeng queer. Pinalaki ako ng aking ina nang walang katuwang, at nagkaroon ako ng edukasyon sa mga pampublikong paaralan ng California. Nakakuha ako ng puwesto sa Stanford University, lumipat sa Bay Area, at nagtapos nang may BA sa Public Policy at Masters sa Sociology.

Nang pinagbantaan ng mga kompanya ng langis at mga bangko ang lupain ng aking tribo at mga ka-alyado nito, ng Dakota Access Pipeline, sumama ako sa panawagan ng pagkilos. Sa San Francisco, pinangunahan ko ang matagumpay na kampanya upang mapanatili sa Police Commission (Komisyon ng Pulisya) ang ating polisiya ukol sa paggamit ng dahas sa halip na sa pamunuan ng unyon ng pulisya.

Bilang kasamang tagapagtatag at pangunahing organisador ng Public Bank Coalition (Koalisyon para sa Pampublikong Bangko) ng San Francisco, nakabuo ako ng polisiya at matagumpay na nakapag-organisa ng malawak na koalisyon upang magapi ang mga lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) ng Wall Street. Naipasa namin ang batas upang magawa ng San Francisco na makapagtatag ng unang munisipal na bangko sa bansa. Mababawasan nito ang gastos sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng malaking pagpapababa sa gastos sa interes, kung kaya't mapananatiling bukas ang mga negosyong legacy (pamana sa komunidad), at lalaki ang pamumuhunan sa pampublikong imprastruktura at edukasyon.

Tumatakbo ako para sa Senado ng Estado ng California dahil kailangan natin ng mas mapangahas na pagbabago. May pananagutan akong hamunin ang status quo o kalakaran kung saan ang mga bilyonaryo at espesyal na interes ng mga korporasyon ang siyang nakapangyayari. Hindi natin matutugunan ang pagbabago ng klima, ang ating krisis sa pabahay, ang epidemiya ng kawalan ng tahanan, at ang pangangailangan para sa unibersal na pampublikong pangangalaga sa kalusugan nang walang lider na may tapang na hamunin ang lakas ng mga korporasyon. Ngayon ang panahon ng pagkilos sa mga hamon na kinakaharap ng ating lungsod, ng estado, ng bansa, at ng planeta. Ikararantal kong makuha ang inyong suporta at makipaglaban nang kabalikat ninyo.

Jackie Fielder



Mga Kandidato para sa Asembleya, Distrito 17

DAVID CHIU

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Noong una akong tumakbo para sa Asembleya ng California, nangako akong makikipaglaban para sa pag-unlad sa mga usapin na pinakahigit na makabuluhan. Nagkaroon na tayo ng mahahalagang nakamit sa abot-kayang pabahay, proteksiyon sa mga imigrante, karapatan ng kababaihan, at marami pang iba.

Sa 2019, nakipaglaban ako higit sa anumang panahon —at naka-gawa tayo ng kasaysayan. Dahil sa ating trabaho...

- Walong milyong umuupa sa California ang mayroon nang mga bagong proteksiyon laban sa lubhang matataas na upa at hindi makatarungang pagpapaalis, sa ilalim ng pinakaprogresibang batas para sa mga umuupa sa kasaysayan ng California.
- Puwede nang makalikha ang mga lungsod ng California ng sarili nilang pampublikong bangko, upang maipamuhunan ang pera ng publiko sa mga proyektong pangkomunidad tulad ng parke at imprastruktura.
- Makapagtatrabaho na nang sama-sama ang Bay Area upang malutas ang ating krisis sa abot-kayang pabahay at kawalan ng tahanan bilang nagkakaisang rehiyon.
- Makatatanggap na ang mga estudyante ng community college (kolehiyo ng komunidad) ng pang-emergency na grant (tulong pinansiyal) upang mapanatili nila ang sarili sa paaralan.
- Makikita na ng mga nagsisipagtapos na transgender at non-binary (hindi eksklusibong babae o lalaki) ang kanilang piniling pangalan na wastong nasasalamain sa pang-edukasyong rekord.
- Mababawasan na ang ibinabasurang kagamitan sa pagkain na single-use (minsanang paggamit), at makatatanggap ng tulong ang mga may-ari ng tahanan sa pagtatanggal ng pinturang may lead (tingga) sa kanilang tahanan.
- Pananagutin ng California ang mga kolehiyong for-profit (kumikita) sa kinahihinatnan ng mga estudyante matapos wakasan ni Donald Trump ang pederal na regulasyon.

Bagamat marami na tayong ipinagkakapuri, handa akong patuloy na makipaglaban para sa mga pamilya sa kabuuan ng San Francisco at ng California -- upang wakasan ang krisis sa pabahay, gawing abot-kaya ang pangangalaga sa kalusugan, at tiyakin ang malinis na kapaligiran para sa ating mga anak, at higit pa rito.

Kasama sa mga taga-suporta ang/sina:

Sierra Club

Equality California

California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)

California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)

Senador ng Estados Unidos Kamala Harris

Senador ng Estados Unidos Dianne Feinstein

Gobernador Gavin Newsom

Attorney General (Pangkalahatang Abugado) Xavier Becerra

Mayor London Breed

Onward! (Sulong!) www.VoteDavidChiu.org

David Chiu

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

JOHN P. MCDONNELL

Ang aking trabaho ay Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako at pinalaki sa Outer Mission sa San Francisco. Nagtapos ako sa University of San Francisco at sa UC Berkeley Law School. Naging abugado na ako para sa mga negosyo at buwis sa San Francisco at Silicon Valley nang higit sa 35 taon. Gusto kong dalhin sa Sacramento ang aking karanasan sa totoong mundo upang maisaayos ang seryoso at totoong mundong mga problema.

Dalawa sa pinakamahahalagang trabaho ng gobyerno ng estado ang edukasyon at kaligtasang pampubliko, at nabibigo tayo sa dalawang ito. Bumaba na tungo sa pagiging ika-38 sa bansa ang ating mga paaralang K-12, at dumaranas ang ilang low-income na high school (pinapasukan ng nasa pamilyang mababa ang kita) ng porsiyento ng pagda-drop-out na 50% o higit pa. Isa itong kapahamakang kailangan nating tugunan. Halos nagawa na nating gawing legal ang mga pagnanakaw nang hanggang sa \$950 ng ibinebentang produkto. Nagbunga ito ng pagsambulat ng mga panloloob sa sasakyan, at bagong pagdami ng pagsa-shoplift (hindi napapansing pagnanakaw) na nagbabanta sa maraming maliliit na tindahan. Nagtataas tayo ng buwis, nang paulit-ulit, pero lumalaki lang nang lumalaki ang mga problema.

Pinasisikip na ngayon ang ating mga kalye ng mga tao na tinatawag nating “homeless o walang tahanan.” Gayon pa man, nagdurusa ang mga tao na ito nang dahil sa pagkagumon sa alak, adiksiyon sa droga, at mga problema sa kalusugan ng isip. Hindi sila “homeless o walang tahanan,” kundi “helpless na walang makuhang tulong.” Nabubuhay sila, nagdurusa, at namamatay sa lansangan na parang hayop. Kailangan natin ng mga polisiya na makapaglilipat sa mga tao na itong nakararanas ng pagkabasag tungo sa medikal na paggamot, na makatutugon sa kanilang tunay na mga problema.

Hindi ko karera ang pagiging politiko, at makapagdadala ako sa gobyerno ng perspektibang sariwa at mula sa tagalabas. Magtatrabaho ako upang makapaghatid ng mga solusyong batay sa sentido komun at pagiging episyente sa gobyerno. May mas mabuting paraan.

John P. McDonnell

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang Chair (Tagapangulo) ng Komite sa Badyet ng Asembleya, dumaraan sa aking mesa ang halos lahat ng mungkahi sa paggasta. Misyong kong tiyak na mahusay na nagagasta ang inyong pinaghirapang mga dolyar na ibinayad sa buwis upang maharap ang ating krisis sa kawalan ng tahanan, makapagtayo ng mas maraming abot-kayang pabahay, mapaghusay pa ang ating mga paaralan, maprotektahan ang ating kalusugan at ang ating kapaligiran, matugunan ang ating hindi na umuusad na transportasyon, at makapagtrabaho upang higit na bumuti ang kalidad ng ating buhay.

Habang isinasaisip ang mahahalagang tunguhin na ito nitong naka-raang dalawang taon, nakapagsulat ako at nakapagpasa ng lehis-lasyon na:

- Pumoprotekta sa publiko sa pamamagitan ng mas mabilis na pagkuha sa mapapanganib na sandata mula sa kamay ng posibleng mapanganib na mga indibidwal.
- Pumoprotekta sa kapaligiran at sa ating kalusugan sa pamamagitan ng pagpapabilis sa transisyon tungo sa mga elektronikong sasakyan
- Nagtataguyod sa abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng pagpapadali sa pagtatayo ng cottage sa bakuran – lalo na sa suburban o residensiyal na bahagi o kalapit-siyudad ng lungsod, na tinututulan ang mga ito.

Bilang Tagapangulo ng Badyet, maaari kong tiyak na natatanggap natin sa San Francisco ang ating makatwirang bahagi. Nitong naka-raang dalawang taon, nakapag-uwi na tayo ng daan-daang milyon ng ating mga dolyar mula sa buwis upang:

- Makalikha ng abot-kayang pabahay.
- Makapagtayo ng supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta) upang matulungan ang walang tahanan na makapag-transisyon tungo sa pag-alis sa lansangan.
- Mapalawak ang mga opsiyon sa daycare at pre-school.
- Makapagbigay ng ngayon pa lamang nararanasan na antas ng pagpopondo sa estado para sa ating mga pampublikong paaralan, na mahigit sa \$12,000 kada estudyante.

Nagpapalaki kami ng aking asawang si Susan ng dalawang anak na babae. Iniisip ko sila bago ang bawat pagboto – inaalala ko na nagtatrabaho tayong lahat ngayon upang makalikha ng mas magandang kinabukasan.

Ikinararangal kong nakuha ko na ang suporta ng California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California), California Professional Firefighters (Mga Propesyonal na Bumbero ng California), ang Sierra Club at marami pang iba. Umaasa akong sasamahan ninyo kami sa www.PhilTing.com.

Phil Ting

Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 1

MARIA ELENA EVANGELISTA

Ang aking trabaho ay Katuwang na Pamublikong Tagapagtanggol ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mayroon akong 17 taong karanasan bilang tagalitis na abugado sa mga hukuman ng San Francisco, kung saan nadala ko ang 50 paglilitis ng jury (lupon ng mga tagahatol) tungo sa paghatol, at pag-sasakdal ng libo-libong kaso. Nakapaglingkod na ako sa Drug Court (Hukuman para sa mga Kaso ng Droga), Behavioral Health Court (Hukuman para sa mga Kaso ng Kalusugan ng Isip), Veterans Court (Hukuman para sa mga Kaso ng Beterano) at marami pang iba.

Ang marka para sa pagiging Hukom ng Korte Superyor na nakuha ko mula sa San Francisco Bar Association (Asosasyon ng mga Abugado ng San Francisco) ay “lubos na kuwalipikado” —isa sa pinakamataas nang posibleng marka.

Isa akong natibong taga-San Francisco na ipinanganak sa mga magulang na undocumented (walang legal na papeles). Nagtrabaho ang aking mga magulang bilang manggagawang bukid at manggagawa. Ako ang pinaka-unang miyembro ng aking pamilya na nakapag-aral. Ikinararangal kong isa ako sa unang babaeng Mehikano-Amerikano na nakapagtapos mula sa Vanderbilt School of Law.

May pananagutan akong gawing patas at epektibo ang mga hukuman ng San Francisco at tiyakin na makakukuha ang lahat ng pantay na katarungan, anuman ang kita, lahi, kasarian, seksuwal na identidad, etnikong pinagmulan, o sinasalitang wika.

Inendorso nina/ng:

Legal at Panghukuman: Hukom ng Korte Superyor ng San Francisco Donald S. Mitchell (Retirado); Mga Hukom ng Korte Superyor ng Los Angeles Tom Griego, Abraham Khan, Michael Garcia, Enrique Monguia; Hukom ng Korte Superyor ng Santa Clara Rene Navarro (Retirado); Abugado ng Lungsod Dennis Herrera; Pamublikong Tagapagtanggol Mano Raju; Dating Tagapangulo ng Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain) Peter Keane; Mga Abugado ng La Raza sa San Francisco.

Mga Lider ng Komunidad: Tesorero ng Estado Fiona Ma, Dolores Huerta, Mark Leno, Tom Ammiano, David Campos, Mga Superbisor Norman Yee, Aaron Peskin, Dean Preston, Matt Haney, Rafael Mandelman, Hillary Ronen, Shamann Walton, Sandra Fewer.

Mga Organisasyon: San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), San Francisco Latino Democratic Club (Samahang Demokratiko ng mga Latino ng San Francisco), Irish American Democrats USA (Mga Demokratang Irish Amerikano USA)

Evangelista4judge.com

Maria Elena Evangelista

PANG LY

Ang aking trabaho ay Komisioner ng Korte Superyor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako upang maging Hukom ng Korte Superyor ng County ng San Francisco dahil naniniwala akong nararapat na makatang-gap tayong lahat ng pantay na pagtrato sa ilalim ng batas -- saan man tayo nagmula.

Noong musmos pa akong bata, dumating ang aking pamilya sa Estados Unidos sa pamamagitan ng bangkang pangisda upang makalisan sa Vietnam bilang refuguee o takas dahil sa giyera. Ang mga sakripisyo ng aking imigranteng mga magulang ang nagpahintulot sa akin upang mapangahas na sundan ang American Dream (pangarap na magtatagumpay ang sinuman sa Amerika), kung kaya't ako ang naging unang tao sa aking pamilya na makapagtapos ng kolehiyo, makapasok sa paaralan ng batas, at maging abugado.

Sa loob ng 20 taon, walang pagod akong naglingkod sa San Francisco. Matagumpay kong naisakdal ang mga krimeng may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, at bilang Komisioner, nakagawa na ako ng mediation (pamamagitan) sa mahigit 2,000 kasunduan, at sa gayon, makapaghatid ng hustisya sa mga lokal na residente.

Bilang hukom, patuloy akong makikipagkolaborasyon sa Department of Public Health (Departamento ng Pamublikong Kalusugan) at mga serbisyon pangkomunidad upang makipagbuno sa krisis sa pamublikong kalusugan.

Mga Pag-eendorso:

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Assessor (Tagatasa) ng San Francisco Carmen Chu

24 Hukom ng San Francisco, kasama na sina:

Kagalang-galang Suzanne Bolanos, ang unang Hukom na Latina Amerikana

Kagalang-galang Teri Jackson, ang unang Aprikano Amerikanong Babae na Tagapangasiwang Hukom

Kagalang-galang Cynthia Lee, ang unang Asyano Amerikanong Babae na Tagapangasiwang Hukom

Dale Minami, Abugado para sa mga Karapatang Sibil

Dr. Amos C. Brown, Third Baptist Church

John Kecker, Tagapagtatag na Partner ng Kecker Van Nest & Peters

Bill Hing, Propesor ng Batas

www.PangLy.com

www.PangLy.com

Pang Ly

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 18

DOROTHY CHOU PROUDFOOT

Ang aking trabaho ay Hukom ng Administratibong Batas.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pangalan: Dorothy Chou Proudfoot

Trabaho: Hukom ng Administratibong Batas

Bilang Hukom ng Administratibong Batas, nakagawa na ako ng pagpapasya, nang may integridad, patas, at walang kinikilingan, sa daan-daang kaso ukol sa pagkontrol ng upa sa San Francisco at sa gayon, naipakita ko na ang aking transisyon mula sa pagiging marubdob na nag-aadbokasya tungo sa pagiging walang kinikilingang hukom.

Bago ako naging ALJ, naglingkod ako bilang Katuwang na Abugado ng Distrito sa loob ng labing-anim na taon, nang may espesyalisasyon sa karahasan ng mga gang, seksuwal na pag-atake at karahasan sa tahanan, at paghahanap ng katarungan para sa mga nakaalpas sa marahas na krimen at pang-aabuso sa bata. Bago ito, nagkaroon ako ng karanasan sa mga sibil na paglilitis at paglilingkod nang walang bayad sa isang opisina ng mga abugado sa San Francisco.

Hindi lamang dapat kuwalipikado, may etika, at walang kinikilingan ang mga hukom, kundi kailangan ding sinasalamain nila ang mga pinaglilingkuranang komunidad na binubuo ng mga tao na diverse o may pagkakaiba-iba. Habang lumalaki ako sa kabahayang binubuo ng tatlong henerasyon at nagsasalita ng dalawang wika, nauunawaan ko batay sa sariling karanasan bilang anak na babae ng mga imigranteng Tsino, kung gaano kakritikal na mapaghusay pa ang representasyon batay sa kasarian at lahi sa mga nakaupong hukom sa korte. Magmula nang makuha ko ang aking mga degree sa UC Berkeley, nakipaglaban na ako upang lalo pang magkaroon ng diversity o pagkakaiba-iba at inklusyon sa batas sa pamamagitan ng aking trabaho sa mga organisasyon, kasama na ang National Association of Women Judges (Pambansang Asosasyon ng Kababaihang Hukom) at California Women Lawyers (Kababaihang Abugado ng California).

Ikinararantal kong maendorso ng mahigit sa 20 hukom, kasama na si Hukom A. James Robertson II, na siyang nakaupo sa katungkulang tinatakbuhan ko, ang mga inihalal na lider, kasama na sina Senador Scott Wiener at Miyembro ng Asembleya David Chiu, at mga lider para sa karapatang sibil, kasama na si Dale Minami. Bilang Hukom sa Korte Superyor, patuloy akong maglilingkod nang patas, may integridad, at malasakit. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

www.dorothyproudfoot.com

Dorothy Chou Proudfoot

MICHELLE TONG

Ang aking trabaho ay Abugado sa Public Defender's Office (Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol) sa Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng 20 taon, ginugol ko ang karera sa pagtulong sa mga taga-San Francisco, sa kanilang mga sandali ng kagipitan, upang makakuha ng pagkakapantay-pantay sa mga legal na usapin:

- Mga umuupang pamilya sa Eviction Defense Collaborative (Pakikipagkolaborasyon para sa Pagtatanggol sa mga Pagpapaaalis);
- Mga biktima ng karahasan sa tahanan, imigrante at manggagawa sa restawran sa Asian Law Caucus (Pulong ng mga Asyano ukol sa Batas);
- Mga mahihirap na naakusahan ng krimen sa Public Defender's Office ng San Francisco sa loob ng 16 taon, kung saan nakapaglitis ako ng mahigit sa 50 paglilitis na pinagpasyahan ng jury (lupon ng mga tagahatol).

Mapalad akong nakatira sa San Francisco. Gayon pa man, alam ko rin ang pakiramdam ng kabiguan nang dahil sa panloloob sa aking kotse, ang bigat sa puso na makita ang mga nakararanas ng kawalan ng tahanan; ang mga sakit sa kalusugan ng isip, at ang pangamba na nararamdaman ng mga komunidad ng LGBTQ at migrante.

Bilang anak ng mga imigranteng mula sa Hong Kong, pinalaki ako hindi lamang upang pagsumikapan ang mga pakikipagtunggali sa buhay, kundi upang magkaroon din ng malasakit para sa ibang tao sa kanilang panahon ng pangangailangan.

Bilang hukom, gagamitin ko ang aking karanasan, malasakit, at integridad upang tiyakin na magkaroon ang bawat tao na nasa harapan ko ng pantay na pamamaraang makakuha ng legal na proteksiyon, anuman ang kanyang katayuan sa lipunan.

Mapagkumbaba kong tinatanggap ang mga pag-endorso ng ito (hindi kompletong listahan/*ID):

MGA HUKOM NG SAN FRANCISCO

Michael Begert

Teresa Caffese

Bruce Chan

Linda Colfax

Ellen Chaitin (retirado)

Jim Collins (retirado)

Mga Superbisor Matt Haney, Rafael Mandelman, Hillary Ronen, Shamann Walton

Inihalal na Superbisor Dean Preston

Chesa Boudin, Inihalal na Abugado ng Distrito ng SF

Mano Raju, Pamublikong Tagapagtanggol ng SF

Matt Gonzalez, Dating Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)*

Bevan Dufty, Presidente ng Lupon ng BART*

David Campos, Tagapangulo ng SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)*

Cindy Elias, Komisyoner ng Pulisya ng SF*

Jenny Lam, Komisyoner ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng SF*

Angela Chan, Asian Law Caucus*

Gen Fujioka, Chinatown Community Development Center (Sentro para sa Pag-unlad ng Komunidad ng Chinatown)*

Ikinararantal ko ito,

Michelle Tong

www.tong4judge.com

Michelle Tong

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 21

CAROLYN GOLD

Ang aking trabaho ay Tagapagtanggol na Abugado sa mga Pagpapaalis.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng 30 taon, naipagtanggol ko na ang mga pamilya sa San Francisco mula sa pagpapaalis sa tahanan. Araw-araw, nakikita ko ang Hukuman na binibigo ang umuupang hindi makaalpas sa krisis sa pabahay.

Bilang taga-San Francisco na ina ng dalawang bata na nasa pam-publikong paaralan, alam ko ang mga pakikibaka ng mga nagtatabahong tao- na kinakaladkad sa Korte bagamat sinusubukan lamang nilang mapangalagaan ang kanilang mga pamilya. Inilaan ko na ang aking buhay sa pakikipaglaban para sa patas na legal na representasyon para sa lahat ng taga-San Francisco.

Ikinararangal kong pamahalaan ang Right to Counsel (Karapatang Magkaroon ng Abugado) ng San Francisco, na nagkaloob ng libreng abugado sa mga umuupa na humaharap sa pagpapaalis. Pinamamahalaan ko ang siyam na ahensiyang non-profit upang maipagkaloob ang mga serbisyong ito.

Gumugol ako ng 12 taon sa pagsasanay ng daan-daang abugado upang kanilang makatawan ang mga umuupa sa mga kumperensiya para sa pag-aayos ng kaso. Pinangasiwaan ko ang mahigit sa 10,000 pag-aayos ng kaso na naging ibang-iba sana kung walang libreng Legal Aid (Tulong sa mga Usaping Legal).

Kailangan ng Korte ng ibang klaseng abugado na nakaupo sa hukuman. Hindi ako politikal na itinalaga, DA na taga-usig o makapang-yarihang abugado na nasa sentro ng lungsod. Totoong mga kliyenteng may totoong mga problema ang kinakatawan ko at dadalhin ko ang karanasang iyan sa Korte.

Ineendorso ako nina:

Superbisor Matt Haney, Superbisor Rafael Mandelman, Inihalal na Superbisor Dean Preston

Dating mga Superbisor David Campos, John Avalos
Matt Gonzalez, Punong Abugado, SF Public Defender's Office
(Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng San Francisco)

Jim Brosnahan, Partner, Morrison & Foerster

Tom Loran, Partner, Pillsbury

Bill Hirsch, Abugado

Deepa Varma

Mas marami pang impormasyon ang nasa CarolynGoldForJudge.com

Magalang kong hinihingi ang inyong boto upang makapaghatid ng pantay na karapatan sa San Francisco.

Carolyn Gold

KULVINDAR "RANI" SINGH

Ang aking trabaho ay Tagapamahalang Abugado ng Distrito.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pangalan: Kulvindar "Rani" Singh

Trabaho: Tagapamahalang Abugado ng Distrito

Bilang natibong taga-San Francisco, inilaan ko ang aking karera sa serbisyo publiko at bilang hukom, magkaloob ako ng porum para sa katarungan at pagkakapantay-pantay, at hukuman kung saan pinakikingan ang bawat boses.

Pinalaki ako sa Sunset sa kabahayan kung saan nagtatrabaho ang dalawang magulang, may pamanang imigranteng karanasan ang aking tatay, at pagtulak ng aking nanay na mabasag ang glass ceiling o hadlang sa pag-abante. Noong nasa paaralan ako ng batas, nagtrabaho ako sa Berkeley bilang tagapagkaloob ng depensa laban sa pagpapaalis, at pagkaraang makapagtapos ako, nagsimula akong magtrabaho sa San Francisco District Attorney's Office (Opisina ng Abugado ng Distrito ng San Francisco).

Kasalukuyan akong Tagapamahalang Abugado ng Mga Unit para sa Collaborative Courts (Mga Hukumang may Pakikipagkolaborasyon) at Mental Health (Kalusugan ng Isip). Sa pagtatrabaho ko sa halos kabuuan ng Opisina ng DA, nasusuri ko ang mga ugat na dahilan ng krimen. Nabago ko na nang malaki ang trabaho para sa hustisya na ginagawa natin. Sa pamamagitan ng 20 taon ng pakikipagtrabaho sa mga biktima, nasasakdal, at sa pagpoprotekta sa komunidad, nakakakuha na ako ng reputasyon bilang tagabunsod ng criminal justice (pagpapatupad at pagpapanagot sa batas).

Ineendorso ako ng mahigit sa sandosenang Hukom, kasama na si Hukom John K. Stewart, na hawak ang katungkulang tinatakbuhan ko, Hukom Linda Colfax, at mga inihalal na opisyal, kasama na sina Senador Scott Wiener, dating Senador Mark Leno, Miyembro ng Asembleya David Chiu, Assessor (Tagatasa) Carmen Chu, at Superbisor Aaron Peskin.

Hinihingi ko ang inyong boto upang patuloy na mapaglingkuran ang ating lungsod.

www.singhforjudge.com

Kulvindar "Rani" Singh



Mga Madalas Itanong (FAQs)

Sinagot ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota

? Sino ang makaboboto?

Mga mamamayan ng U.S., 18 taong gulang o mas matanda pa, na nakarehistrong bumoto sa San Francisco sa o bago sumapit ang deadline ng pagpaparehistro. Ang mga elihibleng hindi-mamayang residente ng San Francisco na mga magulang, legal na tagapatnubay, o tagapangalaga ng mga batang mas mababa sa 19 taong gulang ang edad ay maaaring magparehistro at bumoto para sa mga miyembro ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon); ang susunod na eleksyon ng Lupon ng Edukasyon ay sa Nobyembre 3, 2020.

? Kailan ang deadline para magparehistrong bumoto o i-update ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Ang deadline ng pagpaparehistro ay Pebrero 18 (labinlimang araw bago ang Araw ng Eleksyon. Pinahaba ngayon dahil sa holiday). May oportunidad na kondisyonal na magparehistro at bumoto gamit ang probisyonal na balota ang mga nalampasan ng deadline. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang sfelections.org.

? Kailan at saan ako makaboboto sa Araw ng Eleksyon?

Maaari kayong bumoto sa inyong lugar ng botohan o sa sentro ng botohan sa Araw ng Eleksyon mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ang address ng inyong botohan ay nasa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Matatagpuan din ninyo ito sa sfelections.org/pollsite o tumawag sa (415) 554-4310. Matatagpuan ang Sentro ng Botohan sa:

- City Hall, sa labas ng Room 48
- San Francisco State University, 798 State Drive, Towers Conference Center
- Joseph Lee Recreation Center, 1395 Mendell Street

? Mayroon bang anumang paraan para bumoto bago ang Araw ng Eleksyon?

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- **Bumoto sa pamamagitan ng koreo.** Sagutan at ipadala sa koreo ang Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na nakalimbag sa likod na pabalat ng pamplet na ito, kumpletuhin ang aplikasyon online sa sfelections.org/vbm, o tumawag sa (415) 554-4310 para humiling na bumoto sa pamamagitan ng koreo. Ipadadala sa inyo ang isang vote-by-mail na balota. Dapat **matanggap** ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang Pebrero 25, o

- **Bumoto nang personal** sa Sentro ng Botohan sa City Hall, simula Pebrero 3, o sa Sentro ng Botohan sa San Francisco State University, o sa Joseph Lee Recreation Center, simula Pebrero 29 (tingnan ang pahina 9 para sa mga petsa at oras).

? Kapag hindi ako gumamit ng aplikasyon o nakatawag, maaari ba akong makakuha ng vote-by-mail na balota sa ibang paraan?

Opo. Maaari kayong magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon. Kasama **dapat** sa kahilingang ito ang: nakalimbag na address ng tirahan ninyo, address kung saan ninyo gustong ipadala ang balota, petsa ng kapanganakan ninyo, nakasulat na pangalan ninyo, at ang inyong **pirma**. Ipadala ang inyong kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon sa address na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito o i-fax ito sa (415) 554-4372. Dapat **matanggap** ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang, Pebrero 25.

? Ang aking ika-18 kaarawan ay pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro ngunit sa, o bago ang Araw ng Eleksyon. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo. Maaari kayong magparehistrong bumoto sa mismong, o bago ang, araw ng deadline ng pagpaparehistro, at bumoto sa eleksyong ito—kahit na hindi pa kayo 18 noong nagparehistro kayo.

? Kung ako ay nahatulang may-sala sa isang krimen, maaari pa rin ba akong bumoto?

- Opo, maaari kayong bumoto. Elihible kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay:
- Nasa kulungan ng county:
 - Nagsisilbi ng sentensiya para sa kasong misdemeanor.
 - Nagsisilbi ng sentensiya sa kulungan para sa kasong felony.
 - Nagsisilbi bilang kundisyon ng probation dahil kayo ay nahatulang may-sala sa kasong misdemeanor o felony.
 - Naghihintay ng paglilitis.
 - Naka-probation.
 - Nasa ilalim ng mandatory supervision.
 - Nasa ilalim ng programa ng post-release community supervision.
 - Nasa ilalim ng federal supervised release.
 - Nakatanggap na noon ng pormal na pagpapasya ukol sa pagpapatnubay sa menor de edad (juvenile wardship adjudication).



❓ **Bago pa lamang akong naging mamamayan ng U.S. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?**

Opo.

- Kung naging mamamayan kayo ng U.S., bago o sa mismong araw ng deadline ng pagpaparehistro (Pebrero 18), maaari kayong bumoto sa eleksyong ito, ngunit kailangan kayong magparehistro nang hindi lampas sa deadline;
- Kung naging mamamayan kayo ng U.S. *pagkaraan* ng deadline ng pagpaparehistro, ngunit bago o sa mismong Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro **at** bumoto sa Sentro ng Botohan bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon kapag may katibayan ng pagiging mamamayan.

❓ **Lumipat ako sa loob ng San Francisco ngunit hindi ko na-update ang aking rehistrasyon bago dumating ang deadline ng pagpaparehistro. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?**

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- Pumunta sa Sentro ng Botohan sa mismong Araw ng Eleksyon o bago sumapit ito, kumpletuhin ang form para sa pagpaparehistro ng bagong botante **at** bumoto; o
- Pumunta sa inyong bagong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon at bumoto sa probisyonal na balota. Maaari ninyong hanapin ang address ng inyong bagong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong bagong address ng tirahan sa sfelections.org/pollsite, o tumawag sa (415) 554-4310.

❓ **Mamamayan ako ng U.S. na nakatira sa ibang bansa. Paano ako makaboboto?**

Maaari kayong magparehistrong bumoto at mapadalhan ng vote-by-mail na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application. I-download ang aplikasyon mula sa fvap.gov o kumuha nito mula sa mga embahada, mga konsulado o mga opisyal ng military na tumutulong sa pagboto.

❓ **Kung hindi ko alam kung ano ang gagawin kapag nakarating na ako sa botohan, mayroon bang makatutulong sa akin doon?**

Opo. Tutulungan kayo ng mga manggagawa sa botohan, o maaari ninyong tingnan ang sfelections.org o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 para sa tulong, bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

❓ **Maaari ko bang dalhin ang aking Halimbawang Balota o ang aking sariling listahan sa voting booth?**

Opo. Nakatutulong kung nakapagpasiya na kayo bago pa kayo pumunta sa botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Ang inyong Halimbawang Balota ay makikita sa Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Maaari ninyong gamitin ang alinman sa dalawa, ang Halimbawang Balota o ang Ballot Worksheet na nasa loob nitong pamplet, para sa layuning ito.

❓ **Kailangan ba akong bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas na nasa balota?**

Hindi po. Bibilangin ang inyong mga ibinoto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas.

Volunteer!

Serve as a Poll Worker!

It takes more than 2,500 Poll Workers to conduct an election. Poll Workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some Poll Workers have volunteered during every election for decades. Poll Workers include high school students learning on-the-job civic lessons, retirees, and hundreds of people who take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters.

To be a Poll Worker, you must be:

- A registered California voter, or
- A U.S. legal permanent resident, age 18 or older, or
- A San Francisco high school student at least 16 years old*

If you are bilingual in English and Chinese, Spanish, Filipino, Vietnamese, or Korean, we encourage you to apply!

Earn a stipend of **up to \$240** while helping your community.

How to apply:

Apply at the Poll Worker Recruitment Office
(City Hall, Room 48), Monday through Friday,
from 10 a.m. to 4 p.m.

OR

Apply online at sfelections.org/pw

* High school students can visit
sfelections.org/student for instructions
and to download an application.

**We look forward to having you
join our Poll Worker team!**

For more information, visit
sfelections.org/pw or call the
Department of Elections Poll Worker
Division at (415) 554-4395.





Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Mga Pahina ng mga Buod at Argumento, Legal na Teksto

Kasama sa pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon para sa bawat lokal na panukalang-batas sa balota:

- Walang kinikilingang buod, o digest, na ginawa ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota
- Pahayag ng City Controller tungkol sa epekto sa pananalapi o gastos ng bawat panukalang-batas
- Pahayag tungkol sa pagiging kwalipikado ng panukalang-batas na mailagay sa balota
- Mga argumentong pabor o laban sa bawat panukalang-batas
- Ang legal na teksto para sa lahat ng lokal na panukalang-batas sa balota ay nasa bersiyong Ingles ng pamplet na ito.

Mga Argumento ng mga May-Panukala at ng mga Katunggali

Para sa bawat panukalang-batas, isang argumento na pabor sa panukalang-batas (argumento ng may-panukala) at isang argumento na laban sa panukalang-batas (argumento ng katunggali) ang nakalimbag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante nang walang bayad.

Ang mga tawag na “argumento ng may-panukala” at “argumento ng katunggali” ay nagpapakita lamang na ang mga argumento ay pinili ayon sa pamantayan sa ibaba (*San Francisco Municipal Elections Code, Section 545*) at nilimbag nang walang bayad.

Pagpili ng Mga Argumento ng May-Panukala at ng Katunggali

Pinipili ang mga argumento ng may-panukala at ang argumento ng katunggali batay sa sumusunod na mga prayoridad:

Argumento ng May-Panukala	Argumento ng Katunggali
<p>❶ Ang opisyal na may-panukala ng petisyon para sa inisyatiba; o ang Mayor, ang Lupon ng mga Superbisor, o apat o mahigit pang miyembro ng Lupon, kung ang panukalang-batas ay isinumite nito.</p>	<p>❶ Kapag referendum, ang taong nagsumite ng petisyon para sa referendum sa Lupon ng mga Superbisor.</p>
<p>❷ Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.</p>	<p>❷ Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.</p>
<p>❸ Ang Mayor (Punong-bayan).</p>	<p>❸ Ang Mayor (Punong-bayan).</p>
<p>❹ Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.</p>	<p>❹ Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.</p>

Sagot sa Argumento

Ang may-akda ng argumento ng may-panukala o ng argumento ng katunggali ay maaari ding gumawa at magsumite ng sagot sa argumento, o ng sagot, na ililimbag nang walang bayad. Nakalimbag ang mga sagot sa argumento sa ibaba ng kaugnay na argumento ng may-panukala at ng argumento ng katunggali.

May Bayad na mga Argumento

Bukod pa sa mga argumento ng may-panukala, argumento ng mga katunggali, at mga sagot, na inililimbag nang walang bayad, maaaring magsumite ng mga may bayad na mga argumento ang sinumang karapat-dapat na botante, grupo ng mga botante, o mga asosasyon. Tinatanggap lamang ang mga bayad na argumento para sa mga panukala ng lokal na lungsod at county, at hindi para sa mga panukalang pang estado, rehiyonal, o pampaaralan.

Hindi kasama sa pamplet na ito ang mga may bayad na argumento na pabor o laban sa bawat panukalang-batas na nasa balota. Kung gusto ninyong makita ang mga may bayad na mga argumento na naisalin na sa Filipino, tingnan ang voterguide.sfelections.org o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.



Lahat ng mga argumento ay ganap na opinyon ng mga may-akda. Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type o paglilimbag, spelling, o grammar. Hindi ito sinusuri para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon o ng anumang ibang ahensiya, opisyal o empleyado ng Lungsod.



Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto [na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon]. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalang na nakatuon sa mga ari-arian) na nangangailangan ng maraming kapital tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

Mga Uri ng Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng mga bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond (Bond na Kumikita)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunanan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na \$1.74 para sa bawat dolyar na inutang — \$1 para sa halagang inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na \$1.18 para sa bawat \$1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2019–2020, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na \$496 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayaranang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond debt (utang na bond para sa pangkalahatang obligasyon), (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis sa ari-arian para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo ay tinataya na magiging 18.01 sentimo kada \$100 ng tinatayang halaga, o \$1,068 sa bahay na natasang \$600,000, na sumasalamain sa eksemplaryong \$7,000 ng may-ari ng bahay.

Legal na Limitasyon sa Pag-utang. Ipinag-uutos ng Charter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na \$8.43 bilyon. Ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Disyembre 1, 2019, mayroong \$2.39 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.85% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang \$1.60 bilyon na mga bond na nabigyan na

ng *awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas*. Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga para sa pagseserbisyo sa utang ay 1.42% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

Matipid na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang “direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari),” na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.43% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang

direct debt ratio na ito na pasaning utang na “katamtaman (moderate)” kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)



Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing Mas Simple ang Balota)

Amilyar o Buwis sa Ari-arian: Buwis batay sa pagtatasa ng Lungsod sa mga gusali at lupa. (Tingnan ang mga Proposisyon A, B)

Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI): Espesipiko sa Proposisyon E, ang AMI ang panggitnang kita ng pamilya ng isang espesipikong heograpikong lugar sa Estado ng California. Sa 2019, ang AMI para sa kabahayang may apat na katao sa County ng San Francisco ay \$136,800. (Tingnan ang Proposisyon E)

Central SoMa: Ang Central SoMA ay heograpikong lugar na sa pangkalahatan ay tumatakbo mula Second Street tungo sa silangan hanggang sa Sixth Street sa kanluran, at mula Townsend Street tungo sa timog sa hindi regular na hangganan na sa sumusunod sa pangkalahatan sa mga kalyeng Folsom, Howard, at Stevenson sa hilaga. (Tingnan ang Proposisyon E)

Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond): Ang Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee ay pangkat na may siyam na miyembro na nagmomonitor ng paggamit ng Lungsod sa mga pondong nakukuha mula sa paglalabas ng general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno). Hinihirang ang mga miyembro ng komiteng ito ng Mayor, Board of Supervisors (Lupon ng mga Supervisor), Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. (Tingnan ang Proposisyon B)

City College: Ang City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco) ay pampubliko at pandalawang taon na akreditadong kolehiyo ng komunidad na may mga kampus at iba pang lugar para sa pagtuturo sa iba't iba't lokasyon sa kabuuan ng San Francisco. (Tingnan ang Proposisyon A)

Emergency Firefighting Water System (Sistema ng Tubig para sa Pang-emergency na Paglaban sa Sunog): Ang Emergency Firefighting Water System (EFWS) ay sistema ng pagsusuplay ng tubig na nakatuon sa paglaban sa sunog. Binubuo ang EFWS ng humigit-kumulang 135 milya ng mataas ang presyon na mga tubo at hydrant (kinakabitan ng hose sa kalye) na kumukuha ng tubig mula sa mga sumusunod na pasilidad: Ang Twin Peaks Reservoir, na mga imbakang tangke na matatagpuan sa Ashbury Heights at sa Jones Street, at dalawang pump station (naghahatid ng tubig) na matatagpuan sa may aplaya ng Lungsod. Nagtataglay ang pump station ng ilang pump (pambomba) na pinatatakbo ng diesel at naghahatid ng tubig mula sa mga reservoir (imbakan ng tubig) o San Francisco Bay papunta sa EFWS. Palalawakin ng Lungsod ang sistema upang magkaroon ng mga bagong pasilidad at imprastuktura para sa pag-iimbak ng tubig sa mga komunidad na matatagpuan sa kanluran at timog na bahagi ng San Francisco. (Tingnan ang Proposisyon B)

General obligation bond: Ang pangakong ibinibigay ng ahensiya ng gobyerno na babayaran ang inutang na pera, kasama ang interes, sa nakatakdang petsa. Binabayaran ng ahensiya ng gobyerno ang pera, nang may kasamang interes, sa pamamagitan ng mga amilyar o buwis sa ari-arian. Kailangang aprubahan ang

mga panukala para sa general obligation bond ng mga botante ng San Francisco. (Tingnan ang mga Proposisyon A, B)

Inisyatiba: Ang panukala na inilalagay sa balota ng mga botante. Puwedeng maglagay ng inisyatiba sa balota ang sinumang botante sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante ukol sa isang petisyon. (Tingnan ang Proposisyon E)

Inuupahang espasyo: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon D, ang inuupahang espasyo ang nasa unang palapag na tindahan o iba pang komersiyal na espasyo na siyang tinutukoy sa kasunduan sa pagpapaupa. (Tingnan ang Proposisyon D)

Kabahayan na lubhang napakababa ng kita: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon E, kuwalipikado ang kabahayan bilang lubhang napakababa ng kita kung kumikita ito ng hanggang sa 50% ng Area Median Income (AMI). (Tingnan ang Proposisyon E)

Kabahayan na Katamtaman ang Kita: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon E, kuwalipikado ang kabahayan bilang panggitna ang kita kung kumikita ito ng nasa pagitan ng 81% at 120% ng Area Median Income (AMI). (Tingnan ang Proposisyon E)

Kabahayan na Mababa ang Kita: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon E, kuwalipikado ang kabahayan bilang mababa ang kita kung kumikita ito ng nasa pagitan ng 51% at 80% ng Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI). (Tingnan ang Proposisyon E)

Kasunduan sa Pagpapaupa (Lease agreement): Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon D, ang kasunduan sa pagpapaupa ang kontrata kung saan binibigyan ng may-ari ng komersiyal na ari-arian ang iba pang tao o entidad ng karapatan na okupahin at gamitin ang ari-arian sa loob ng limitadong panahon, at mada-las na ginagawa ito bilang kapalit sa bayad sa upa na ibinibigay sa takdang panahon. (Tingnan ang Proposisyon D)

Kuwalipikadong kandidato na write-in (kandidatong isinusulat lamang ang pangalan): Isang tao na nakompleto na ang kinakailangang mga papeles at lagda para maisama bilang kandidatong write-in. Bagamat hindi nakasulat sa balota ang taong ito, puwedeng iboto ng mga botante ang taong ito sa pamamagitan ng pagsulat ng pangalan ng tao sa espasyong ipinagkakaloob sa balota para sa botong write-in at pagsunod sa mga espesipikong instruksiyon sa balota. Binibilang lamang ng Department of Elections ang mga botong write-in para sa mga kuwalipikadong kandidatong write-in.

Large Office Project (Proyekto para sa Malaking Opisina): Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon E, ang mga Large Office Project ay mga proyektong pan-development na hindi bababa sa 50,000 square feet (kuwadrangong talampakan) na sukat ng kabuuang lugar (floor area) at inookupahan ng pang-opisinang development. (Tingnan ang Proposisyon E)

Maagang pagboto: Ang maagang pagboto ay pagboto nang personal sa City Hall bago ang Araw ng Eleksyon o pagme-mail ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo bago ang Araw ng Eleksyon).

Mga balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo):

Mga balotang ipinadadala sa koreo sa mga botante o ibinibigay nang personal sa mga botante sa Department of Elections. Puwedeng ipadala ang balotang vote-by-mail sa koreo sa Department of Elections, isumite sa opisina ng Department of Elections sa City Hall, o isumite sa anumang lugar ng botohan sa California sa Araw ng Eleksyon. Kilala rin ito bilang balotang absentee (sa pamamagitan ng koreo).

Mga Tunguhin para sa Abot-kayang Pabahay: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon E, ang mga Tunguhin para sa Abot-kayang Pabahay ay mga taunang tunguhin upang magkaroon ng mga bagong unit ng pabahay sa loob ng lungsod para sa mga kabahayang nasasaklaw ng mga espesipikong antas ng kita.

Nakabatay ang mga tunguhing ito sa mga tunguhin ng California Housing Element (Pagsusuri sa mga Pangangailangan para sa Pabahay sa California) at ng Regional Housing Need Allocation (Alokasyon para sa mga Rehiyonal na Pangangailangan para sa Pabahay, RHNA), na nakabatay sa takdang panahon na walong taon. (Tingnan ang Proposisyon E)

Nakaharap sa Kalyeng foot (talampakan): Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon D, ang nakaharap sa kalyeng foot ang linear foot (batay lamang sa haba) sa komersiyal na espasyo na tumatakbo sa Public Right of Way (Karapatan para sa Madaraanang ng Publiko). Binibigyang-depinisyon ang Public Right of Way bilang nakalaang mga pampublikong bangketa, eskinita, boulevard o maluwag na lansangan, korte, lane, lansangan, kalye, espasyo, at daanan sa loob ng San Francisco, kung saan may karapatan ang mga miyembro ng publiko na dumaan at kung saan nasa nagpapahintulot na hurisdiksiyon ng Department of Public Works (Departamento ng mga Pampublikong Gawain, DPW) ang mga ito. (Tingnan ang Proposisyon D)

Nakalaang Square-footage (kuwadradong talampakan): Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon E, ang nakalaang square-footage ang pinakamalaki nang posibleng sukat ng pang-opisinang square-footage na puwedeng magamit ng Lungsod kapag nag-aapruba ng Large Office Project. (Tingnan ang Proposisyon E)

Nangungupahan (Subtenant): Ang subtenant ang tao o entidad na may karapatang mag-okupa at gumamit sa lahat o bahagi ng inuupahang espasyo na nakapailalim sa kasunduan sa pag-upa sa umuupa (tenant) o sa sinumang tao o entidad na nakukuha ang interes nito sa espasyo sa pamamagitan ng umuupa. (Tingnan ang Proposisyon D)

Nonprofit: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon D, ang nonprofit ay entidad o organisasyon na inorganisa para sa pampublikong layunin, at hindi para sa kita, at kasalukuyan itong hindi kailangang magbayad ng buwis sa kita sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng Internal Revenue Code of 1986 (Kodigo ukol sa Pagbubuwis ng 1986), ayon sa pagkaka-amyenda ito. (Tingnan ang Proposisyon D)

Ordinansa: Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors o ng mga botante. (Tingnan ang Proposisyon D)

Pag-aamyenda sa Tsarter: Ang pag-aamyenda sa Tsarter ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konsitusyon ng Lungsod. Puwede lamang mabago ang Tsarter ng mayorya ng mga ibinigay na boto. (Tingnan ang Proposisyon C)

Pang-opisinang espasyo: Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon D, ang pang-opisinang espasyo ang lugar sa loob ng istruktura na nakatuon o pangunahing naaangkop sa pag-okupa ng mga tao o entidad na nagtatrabaho para sa sariling pakinabang o nagkakaloob ng serbisyo sa iba sa lugar na iyon, pero hindi kasama nito ang: paggamit sa pagtitinda; pagkukumpuni; anumang negosyo na ang pangunahing katangian ng gawain ay ang pisikal na paglilipat ng nahahawakan o tangible na produkto sa kostumer sa lugar mismo; maramihan na pagpapadala, pagtanggap, pag-iimbak; anumang pasilidad, bukad pa sa mga opisina ng doktor o ibang indibidwal at iba pang kaugnay na paggamit, na karaniwang ginagamit sa pagkakaloob ng medikal na mga serbisyo; at anumang pagtatampok ng mga disenyo o anumang iba pang espasyong nakalaan at pangunahing naaangkop para sa pagdi-display ng produkto. (Tingnan ang Proposisyon E)

Pass through: Para makuha ng muli ng may-ari ang ibinayad nang dahil sa pagtaas ng buwis sa ari-arian, ipinapasa ang bahagi ng gastos sa mga umuupa. (Tingnan ang Proposisyon B)

Probisyonal na balota: Balotang inihuhulog sa botohan na hindi bibilangin hanggang sa matiyak ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na ihulog ang balotang iyon.

Proposisyon: Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa pag-apruba o hindi pag-apruba.

Revenue: Kita.

San Francisco Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay ng San Francisco): Ang San Francisco Housing Authority ay lokal na ahensiya ng gobyerno, na hiwalay sa Lungsod, at nagkakaloob ng tulong sa pabahay sa mga tao na napakababa ng kita. (Tingnan ang Proposisyon C)

Seismic na pagpapahusay: Pagpapahusay o pagbabago sa istruktura upang maprotektahan ito sa posibleng pinsala nang dahil sa lindol. (Tingnan ang Proposisyon B)

South of Market: Ang South of Market, na kilala rin bilang SoMa, ay komunidad sa San Francisco na may hangganang sinusundan sa pangkalahatan ang silangang aplaya mula 16th Street hanggang Harrison Street, Harrison Street hanggang Fourth Street, hilaga hanggang Market Street, at pagkatapos, mula kanluran hanggang Central Freeway. (Tingnan ang Proposisyon E)

Umuupa (Tenant): Ang umuupa ang tao o entidad na may karapatang okupahan o gamitin ang inuupahang espasyo na nakapailalim sa lease agreement sa may-ari. (Tingnan ang Proposisyon D)



A

Panukalang-Batas ukol sa City College para sa Pagsasanay sa Trabaho, Pagkukumpuni at Kaligtasan sa Lindol

PANUKALANG-BATAS UKOL SA CITY COLLEGE PARA SA PAGSASANAY SA TRABAHO, PAGKUKUMPUNI AT KALIGTASAN SA LINDOL. Upang makumpuni/maisaayos ang mga pasilidad ng City College; gumawa ng kinakailangang pagpapahusay para sa seismic retrofit (pagbabago sa mga istruktura para higit na maging ligtas sa lindol)/kaligtasan sa lindol; gawing mas mabuti para sa kapaligiran ang College sa pamamagitan ng mga gusaling matipid sa koryente/mas mataas ang paggamit ng renewable energy; at magkaroon, magpatayo, at magkumpuni ng mga pasilidad, mga lugar/kagamitan upang maihanda ang mga estudyante para sa mataas ang bayad at nasa lokal na trabahong kaugnay ng siyensiya, teknolohiya, at sining, dapat bang aprubahan ang panukalang-batas ng San Francisco Community College District (Pandistritong Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco), na nagbibigay ng awtorisasyon para sa \$845,000,000 na mga bond (utang ng gobyerno) sa mga legal na porsiyento, kung saan nagpapataw ng 1.1 sentimo/\$100 ng natasang halaga (\$47,500,000 taon-taon hanggang sa humigit-kumulang 2053), at itakda rito ang pag-o-audit at pangangasiwa ng mga mamamayan?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Mayroong siyam na kampus ang City College of San Francisco. Naghahalal ang mga botante ng Lungsod ng may pitong miyembro na Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) na siyang namamahala sa kolehiyo. Pinopondohan ang kolehiyo sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kasama na ang parcel tax (buwis sa parsela) at mga bond na aprubado na ng botante.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon A ay panukalang-batas na magpapahintulot sa kolehiyo na umutang ng hanggang sa \$845 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bond upang:

- Magkumpuni, magpatayo o magkaroon ng mga gusali, lugar, at kagamitan;
- Gumawa ng mga pagpapahusay para sa kaligtasan sa lindol; at
- Paghusayin ang pagtitipid sa enerhiya at taasan ang paggamit ng enerhiyang renewable (napananatili).

Itatakda rin ng Proposisyon A ang paglikha ng citizens' oversight committee (komite ng mga mamamayang tagapangasiwa) upang marepaso kung paano ginagasta ang pondo ng mga bond.

Kung kinakailangan, pahihintulutan ng Proposisyon A ang pagtataas ng property tax (amilyar) para mabayaran ang mga bond.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong umutang ang City College of San Francisco ng hanggang sa \$845 milyon upang magkumpuni, magpatayo o magkaroon ng mga gusali, lugar, at kagamitan; gumawa ng mga pagpapahusay para sa kaligtasan sa lindol; at paghusayin ang pagtitipid sa enerhiya; at taasan ang paggamit ng enerhiyang renewable.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang City College of San Francisco ng mga bond na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 55% ng botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Kapag nagbigay ng awtorisasyon at nagbenta ng iminumungkahing \$845 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang mga sumusunod ang tinatayang gastos:

- a) Ang pinakamaganda nang pagtaya mula sa mga opisyal na pinagkukunan ng karaniwang taunang porsiyento ng buwis na kinakailangang ipataw upang pondohan ang inilabas na bond sa kabuuang tagal ng pagseserbisyo sa utang ng bond, batay sa nakuhang natasang halaga sa panahon ng eleksyon, o sa inaasahan batay sa karanasan sa gayon ding hurisdiksiyon o iba pang naipakikitang salik ay 1.1 sentimo/\$100 ng natasang halaga (\$11/\$100,000) ng lahat ng ari-ariang bubuwisan. Ang pinakamaganda nang pagtataya ng pinal na piskal na taon kung saan inaasahang makokolekta ang buwis ay 2052–2053.
- b) Ang pinakamaganda nang pagtaya mula sa mga opisyal na pinagkukunan ng pinakamataas nang taunang porsiyento ng buwis na kinakailangang ipataw upang pondohan ang inilabas na bond, at ang pagtataya ng taon kung kailan ipatutupad ang porsiyentong ito, batay sa nakuhang natasang halaga sa panahon ng eleksyon, o sa inaasahan batay sa karanasan sa gayon ding hurisdiksiyon o iba pang naipakikitang salik ay 1.1 sentimo/\$100 ng natasang halaga (\$11/\$100,000) ng lahat ng ari-ariang bubuwisan.
- c) Ang pinakamaganda nang pagtaya mula sa mga opisyal na pinagkukunan ng kabuuang serbisyo sa utang, kasama na ang principal (halagang inutang) at interes, na kinakailangang mabayaran kung nailabas at naibenta ang lahat ng iminumungkahing \$845 milyon na mga bond, ay humigit-kumulang \$1,570,016,481.
- d) Batay sa mga pagtatayang ito, humigit-kumulang \$65.23 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng property tax para sa mga bond na ito para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000, kung may eksempsiyon na \$7,000 para sa may-ari ng tahanan.

Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan at walang obligasyon na sundin ang mga ito. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng bond, dami ng bond na natitinda sa bawat pagbebenta, namamayaning porsiyento ng interes sa panahon ng pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa bond. Dahil dito, posibleng iba sa mga pagtataya na nasa itaas ang aktuwal na halaga ng pagseserbisyo sa utang, porsiyento ng buwis, at ang mga taon kung kailan maitutupad ang mga porsiyentong ito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Setyembre 26, 2019, bumoto ang San Francisco Community College Board ng 7 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 55% ng botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Bumoto ng Oo sa A para sa Pagkukumpuni at Muling Pagtatayo ng City College of San Francisco para sa Lahat

Nag-eenroll at nagbibigay ng edukasyon ang City College sa mas maraming estudyante kung ihahambing sa iba pang kolehiyo o unibersidad sa SF, at nagkaloob ito sa maraming residente ng napakahalagang hagdang tungo sa pag-eempleyo at mga oportunidad. Gayon pa man, 70% ng mga pasilidad ng Ocean Campus ang nasa masamang kondisyon at kailangan nang ayusin, samantalang nangangailangan din ng mga pagpapahusay ng imprastruktura sa mga kampus na nasa mga komunidad ng Bayview, Chinatown, Civic Center, Downtown, Mission at Panhandle.

Pahihintulutan ng Proposisyon A ang City College na maglabas ng bond (utang ng gobyerno) upang mapondohan ang lubhang kailangang konstruksiyon, kasama na ang:

- Pagkukumpuni at pagre-retrofit (pagbabago sa mga estruktura para higit na maging ligtas) ng nasisira nang imprastruktura, tulad ng pag-aayos sa tumatagas na bubong, pagtatanggal ng asbestos at amag, pagbabago sa mga sistemang elektrikal, panseguridad at pangkaligtasan sa sunog, at pagkakaroon ng higit na paggamit ng may kapansanan.
- Higit na pagiging ligtas at pagkakaroon ng environmental sustainability (mga salik at gawain na nag-aambag sa kalidad ng kapaligiran) sa pamamagitan ng pagkakabit ng mga kamera, pag-iilaw, at sistema para sa pang-emergency na pakikipagkomunikasyon, at paglalagay ng mga solar panel (kumukuha ng enerhiya mula sa araw) at iba pang uri ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran.

- Muling pagtatayo ng childcare and student success center (sentro para sa pangangalaga ng bata at sa tagumpay ng mga mag-aaral) at pagtatayo ng gusali para sa STEAM (siyensiya, teknolohiya, sining at matematika) sa Ocean Campus, at nang higit na maging handa ang mga estudyante.
- Paggawa ng renobasyon at pagpapalawak ng mga pasilidad sa Bayview para sa mga programa sa pagsasanay ng mga nagtatrabaho at pagtugon sa tumataas na lokal na pangangailangan para sa mga manggagawang nasa negosyo ng pagtatayo ng gusali at konstruksiyon.

Kasama sa Proposisyon A ang mga proteksiyon para sa mga nagbabayad ng buwis, kasama ang independiyenteng Citizens' Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa) at taunang pinansiyal na pag-o-audit upang matiyak na ginagasta lamang ang mga pondo batay sa naibigay na awtorisasyon.

Bumoto ng Oo sa A para sa Muling Pagtatayo ng San Francisco City College na para sa lahat. RebuildCityCollege.com

Mga May-Panukala

- *Katiwala ng City College Alex Randolph*
- *Katiwala ng City College Tom Temprano*
- *Katiwala ng City College Shanell Williams*
- *Katiwala ng City College Thea Selby*
- *Katiwala ng City College Brigitte Davila*
- *Katiwala ng City College John Rizzo*

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON A

Sumasang-ayon kami na kailangang maging ligtas ng mga kampus ng City College of San Francisco para sa mga estudyante, kaguruan at bisita. Gayon pa man, hindi makatarungan na gawing responsibilidad ng mga may ari-arian ang pagbabayad para sa mga naipagpalibang pagkukumpuni at renobasyon na kinailangan dahil sa hindi pagsasagawa ng pagpapanatili sa mga gusali sa maayos na kondisyon at mga renobasyon sa takdang panahon. Idagdag na rito ang katunayang magmula noong Pebrero 2017, hindi na pinagbabayad ng matrikula ang lahat ng taga-San Francisco, kahit na iyong kayang-kaya namang magbayad, kung kaya't lalo pang nangailangan ng iba pang uri ng kita.

Kailangang magbayad ang lahat ng residente at negosyo ng kani-kanilang makatwirang bahagi ng kinakailangang mga pagpapahusay sa mga gusali. Kailangang bumalik ang Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) sa paggawa ng bagong plano at makaisip ng equitable (may katarungan sa pagkakapanatay-pantay) para sa lahat na sistema ng pagkakaroon ng kita.

San Francisco Republican Party (Partidong Republikano ng San Francisco)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon A!

Isa na namang bond (utang ng gobyerno) para sa City College of San Francisco? Ang pagdaragdag ng \$1.5 BILYON na utang sa kasalukuyan nang \$3.6 BILYON na utang na popondohan ng property taxes (amilyar) ay hindi mabuting pinansiyal na desisyon. Oo, kailangang magawang ligtas ang City College, pero sa pagdaragdag ng isa pang buwis sa mabigat nang pasanin ng mga may ari-arian, tataas ang mga upa at ang halaga ng mga produkto at serbisyong ibinibenta sa San Francisco.

San Francisco Republican Party

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Kailangan ng San Francisco ang City College, at kailangan ng City College ang Proposisyon A.

Habang patuloy na abot-langit na tumataas ang halaga ng pamumuhay, mananatiling kritikal na rekurso ang City College of San Francisco para sa libo-libong residente. Sa pamamagitan ng pagsasanay sa trabaho, ESL, mga programang nagbibigay ng sertipiko, mga associate degree, at pagtugon sa mga pangangailangan para sa paglipat sa unibersidad, nagkakaloob ang City College ng landas tungo sa pag-angat, kung kaya't makakukuha ang mga estudyante ng trabaho na may sapat na suweldo, at sa gayon, ay makayanan nilang mamuhay sa Bay Area.

Mga menor na pagpapahusay lamang ang nagawa ng City College sa pangunahing mga gusali nito mula noong una itong itinatag noong 1935. Dahil dito, marami sa mga gusali nito ang nabigyan na ng marka bilang nasa masamang kondisyon. Maipaaayos at maipakukumpuni ng Prop A ang mga kritikal na pang-edukasyong pasilidad na ito, makagagawa ng kinakailangang pagpapahusay para maging ligtas sa lindol, mababago ang hindi na napapanahon at hindi na ligtas na sistemang elektrikal at sistema ng mga tubo, mapabubuti ang paggamit ng may kapansanan, at magagawang higit na mabuti sa kapaligiran ang kolehiyo.

Sa pamamagitan ng Prop A, magagawa ng City College na tumakbo bilang state of the art (mayroong pinakabagong mga ideya at katangian) na kolehiyo ng lungsod na nakatutugon sa eskolastiko, pang-ekonomiya, at panlipunang pangangailangan ng mga taga-San Francisco sa bagong siglo. Gagastusin ang kita mula sa bond sa muling pagtatayo, pag-a-upgrade, at pagkukumpuni ng mga pasilidad.

Samahan ang Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko) at ang libo-libong taga-San Francisco na sumusuporta sa Muling Pagtatayo sa City College (Rebuild City College), bumoto ng Oo sa A.

Mga May-Panukala

*Katiwala ng City College Alex Randolph
Katiwala ng City College Tom Temprano
Katiwala ng City College Shanell Williams
Katiwala ng City College Thea Selby
Katiwala ng City College Brigitte Davila
Katiwala ng City College John Rizzo*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



B

Bond ng San Francisco para sa Kaligtasan sa Lindol at Pang-emergency na Pagtugon, 2020

BOND NG SAN FRANCISCO PARA SA KALIGTASAN SA LINDOL AT PANG-EMERGENCY NA PAGTUGON, 2020. Upang mapahusay ang pagtugon sa sunog, lindol, at emergency sa pamamagitan ng pagpapahusay, pagpapatayo, at/o pagpapalit ng: mga nasisira nang lalagyan ng tubig, tubo, at lagusan, at mga kaugnay na pasilidad, at nang matiyak na mayroong maaasahan ang mga bumbero na mapagkukunan ng tubig para sa sunog at sakuna; estasyon ng mga bumbero at pulis at nagbibigay ng suportang mga pasilidad na nasa komunidad; ang 911 Call Center ng Lungsod; at iba pang pasilidad para sa pagtugon sa sakuna at kaligtasan ng publiko, at upang makapagbayad ng kaugnay na mga gastusin, dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng \$628,500,000 na mga general obligation bond (utang ng estado o ng lokal na gobyerno), na tatagal nang hanggang 30 taon mula sa panahong inilabas ito, may tinatayang karaniwang halaga ng buwis na \$0.015/\$100 ng natasang halaga ng ari-arian, at inaasahang karaniwan na taunang kita na \$40,000,000, at mapapasailalim sa pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagmamay-ari at nagpapatakbo ang Lungsod ng mga pasilidad para sa kaligtasan ng publiko at pagtugon sa emergency. Kasama sa mga pasilidad na ito ang:

- Emergency Firefighting Water System (Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Paglaban sa Sunog) at kaugnay na mga pasilidad, na nagkakaloob ng nakalaang sistema ng paghahatid ng tubig para sa paglaban sa sunog;
- Mga estasyon ng bumbero at pulis, at kaugnay na mga pasilidad; at
- Ang 911 Call Center (matatawagan kung may emergency).

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon B ay panukalang batas para sa mga bond na magpapahintulot sa Lungsod na umutang ng hanggang sa \$628.5 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno). Gagastusin ng Lungsod ang perang ito sa mga pagpapahusay, lalo na sa mga seismic (laban sa lindol) na pagpapahusay, sa mga pasilidad na ginagamit para sa pang-emergency na pagtugon at pagbangon mula sa sakuna.

Maaaring kasama sa mga proyektong popondohan ng makukuha mula sa mga bond ang konstruksiyon, pagkakaroon, pagpapahusay, at pagkompleto ng:

- Emergency Firefighting Water System;
- Mga estasyon ng mga bumbero at pulis;

- Kampus para sa pagsasanay sa paglaban sa sunog;
- 911 Call Center; at
- Iba pang pasilidad para sa pagtugon sa sakuna.

Kung kinakailangan, pahihintulutan ng Proposisyon B ang pagtataas ng property tax (amilyar) para mabayaran ang mga bond. Polisiya ng Lungsod na limitahan ang halaga ng perang inuutang nito sa pamamagitan ng paglalabas lamang ng mga bagong bond habang natatapos na ang pagbabayad sa naunang mga bond. Pahihintulutan ang mga nagpapaupa na ipasa ang hanggang sa 50 porsiyento ng anumang magreresultang pagtaas sa property tax sa mga umuupa o tenant.

Itatakda rin ng Proposisyon B sa Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond) na repasuhin kung paano ginagasta ang pondo ng mga bond.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maglabas ang Lungsod ng \$628.5 milyon na mga general obligation bond, para sa konstruksiyon, pagkakaroon, pagpapahusay, at pagkompleto ng Emergency Firefighting Water System, mga estasyon ng mga bumbero at pulis, kampus para sa pagsasanay sa paglaban sa sunog, ang 911 Call Center ng Lungsod; at iba pang pasilidad para sa pagtugon sa sakuna.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang Lungsod ng mga bond na ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "B"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Kapag nagbigay ng awtorisasyon at nagbenta ng iminumungkahing \$628.5 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang mga sumusunod ang tinatayang gastos:

- a) Sa piskal na taon (FY) 2020–2021, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamababa ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng buwis sa ari-arian na \$0.00151 kada \$100 (\$1.51 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- b) Sa piskal na taon (FY) 2029–2030, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamataas ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng buwis sa ari-arian na \$0.01379 kada \$100 (\$13.79 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- c) Ang pinakamaganda nang pagtaya ng karaniwan o average na halaga ng buwis para sa mga bond mula FY 2020–2021 hanggang FY 2047–2048 ay \$0.00826 kada \$100 (\$8.26 per \$100,000) ng natayang halaga.
- d) Batay sa mga pagtatayang ito, humigit-kumulang \$81.79 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng property tax para sa mga bond para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000.

Ang pinakamaganda nang pagtataya ng kabuuang serbisyo sa utang, kasama na ang principal (halagang inutang) at interes, na kinakailangang mabayaran kung nailabas at naibenta ang lahat ng iminumungkahing \$628.5 milyon na mga bond, ay humigit-kumulang \$1.08 bilyon. Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, dami ng bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa bond. Dahil dito, posibleng iba sa mga pagtataya na nasa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan maipatutupad ang mga porsiyentong ito. Kasalukuyang non-binding (walang legal na obligasyon) na polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili ng halaga ng buwis mula sa mga general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno) na mas mababa kaysa sa porsiyento noong 2006, sa pamamagitan ng

paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga pag-aaring nabubuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang porsiyento ng property tax batay sa iba pang salik o dahilan.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Hulyo 9, 2019, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 10 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Ronen, Safai, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Pinahintulatang Huwag Sumali: Stefani.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

OO SA B, ang Bond o Utang ng Gobyerno para sa Kaligtasan sa Lindol at Pang-emergency na Pagtugon (Earthquake Safety and Emergency Response Bond), dahil Hindi na Makapaghihintay pa ang San Francisco!

Kritikal ang Proposisyon B, ang Bond para sa Kaligtasan sa Lindol at Pang-emergency na Pagtugon para sa kahandaan sa lindol ng San Francisco. Tinitiyak nito ang makapagliligtas sa buhay na mga pagpapahusay sa mga sistema ng pagtugon sa emergency, at nang matulungan ang first responders (unang tumutugon sa panahon ng krisis) na mabawasan ang mga pagkasawi, kapahamakan, at pinsala sa ari-arian.

Ang tanong ay hindi kung magkakaroon ng susunod na malakas na lindol, kundi kung kailan mangyayari ito. Matalino at responsableng pagpapalano ang paghahanda ngayon, na hindi lamang makapagliligtas ng mga buhay, kundi hahantong pa sa pagtitipid ng San Francisco ng pera sa katagalan.

Tinataya ng mga siyentipiko na mayroong 72 porsiyentong pagkakataon na tatama ang malakas na lindol sa Bay Area sa nalalapit na hinaharap. Humantong ang lindol noong 1906 sa mapangwasak na sunog na bumalot sa bahagi ng lungsod kung saan malaki ang populasyon. Nang dahil sa lindol sa Loma Prieta noong 1989, nagsara ang Emergency Firefighting Water System (Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Paglaban sa Sunog) ng lungsod habang nagkakaroon ng malalaking sunog sa komunidad ng Marina.

Proposisyon B

- Ipagpapatuloy nito ang mahalagang gawain ng matatagumpay na safety bond (utang na pangkaligtasan) noong 2010 at 2014 at hindi nito itataas ang mga porsiyento ng property tax (amilyar).
- Pagtitibayin nito ang nasisira nang mga sisidlan, tubo, at lagusan na bahagi ng pang-emergency na sistema ng paglaban sa sunog ng ating Lungsod, at nang sa gayon, maging handa ang ating mga bumbero sa malalaking sunog at palagi silang magkaroon ng pamamaraang makakuha ng sapat at maaasahang suplay ng tubig.

- I-a-upgrade nito ang ating 911 call center upang makayanan nito ang lubhang napakaraming tawag sa panahon ng lindol o iba pang emergency.
- Popondohan nito ang mga seismic upgrade (mga pagbabago para higit na maging ligtas sa lindol) upang makayanan ng kritikal na imprastruktura at ng mga estasyon ng bumbero at pulis ng pamayanan ang susunod na lindol.

Hindi na Makapaghihintay pa ang San Francisco. Mapoprotektahan ang mga buhay sa pamamagitan ng pagpapalakas sa ating kahandaan sa emergency at matutulungan nito ang San Francisco na makamit ang matibay at pangmatagalang pagbangon mula sa sakuna.

Sa Marso 3, samahan ang mga bumbero, first responder, at lider ng komunidad sa bawat sulok ng lungsod at bumoto ng oo sa Proposisyon B.

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Norman Yee

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Vallie Brown

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hilary Ronen

Superbisor Shamann Walton

Superbisor Ahsha Safai

Presidente ng Lokal 798 Shon Buford ng San Francisco

Firefighters (Mga Bumbero)

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon B

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**C**

Mga Benepisyong Pangangalaga ng Kalusugan ng mga Retirado para sa Dating mga Empleyado ng San Francisco Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makakuha ng retiree health care coverage (pagkakasakop ng pangangalaga sa kalusugan para sa mga retirado) ang ilang empleyado ng Lungsod na dating nagtrabaho para sa San Francisco Housing Authority, batay sa kanilang pinagsama nang mga taon ng serbisyo at petsa ng pagsisimula ng pag-eempleyo?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Pinaghahatian ng Lungsod, mga retirado, at mga empleyado ng Lungsod ang mga gastos para sa health care coverage ng retiradong mga empleyado ng Lungsod at County ng San Francisco (ang Lungsod).

Ang San Francisco Housing Authority ang lokal na ahensiya ng gobyerno, na hiwalay sa Lungsod, at nagkakaloob ng tulong sa pabahay sa mga kuwalipikadong aplikante.

Nagkakaloob ang U.S. Department of Housing and Urban Development (Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng mga Lungsod, HUD) ng pederal na pagpopondo upang masuportahan ang Housing Authority. Noong Marso 2019, hiniling ng HUD sa Lungsod na akuin ang responsibilidad para sa ilan sa pinangangasiwaan ng Housing Authority.

Dahil sa transisyong ito, nagsimula na ang Lungsod sa pag-eempleyo ng mga dating empleyado ng Housing Authority. Noong petsang Nobyembre 15, 2019, nabigyan na ng trabaho ng Lungsod ang 24 sa mga empleyadong ito at maaaring mag-empleyo pa ito ng mas marami sa susunod na dalawang taon.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon C ay pag-amyenda sa Tsarter kung saan makakukuha ng retiree health care coverage ang ilang empleyado ng Lungsod na dating nagtatrabaho para sa Housing Authority, batay sa kanilang pinagsamang mga taon ng serbisyo at petsa ng pagsisimula ng pag-eempleyo.

Sa ilalim ng Proposisyon C, magiging kuwalipikado ang mga dating empleyado ng Housing Authority na inempleyo ng Lungsod sa pagitan ng Marso 7, 2019 at Marso 1, 2021, nang walang paghinto sa serbisyo, para sa retiree health care coverage sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

- Magiging kuwalipikado ang mga empleyadong nabigyan ng trabaho ng Housing Authority bago ang Enero 10, 2009 para sa buong pagkakasakop matapos ang limang taon ng pinagsamang pagkaka-empleyo sa Lungsod at sa Housing Authority; at
- Magiging kuwalipikado ang mga empleyadong nabigyan ng trabaho ng Housing Authority noong Enero 10, 2009, o matapos ang petsang ito, para sa bahagi ng pagkakasakop sa pagitan ng lima at bago ang 20 taon ng pinagsamang pagkaka-empleyo, at buong pagkakasakop matapos ang 20 taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makakuha ng retiree health care coverage ang ilang empleyado ng Lungsod na dating nagtatrabaho para sa San Francisco Housing Authority, batay sa kanilang pinagsamang mga taon ng serbisyo at petsa ng pagsisimula ng pag-eempleyo.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ng Lungsod ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “C”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang pag-amyenda sa tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno. Tataasan ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang mga gastos ng

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Lungsod sa pagpopondo sa retiree health benefits para sa ilang empleyado at magiging retirado sa hinaharap ng dating Housing Authority (HA), kapag naging mga empleyado sila ng Lungsod. Magiging malaki ang pagkakaiba ng mga posibleng halaga ng kabuuang gastos, batay sa bilang ng mga taong maaapektuhan, ang kani-kanilang edad, taon ng serbisyo, haba ng patuloy na pagkaka-empleyo, indi-indibidwal na pinili ukol sa pagkaka-enroll sa medikal na plano, at mga desisyon ng Lungsod ukol sa pag-eempleyo ng apektadong mga empleyado.

Itinuturing ng mungkahing pag-amyenda ang mga dating empleyado ng HA bilang mga empleyadong nagsimula ng pagkaka-empleyo sa Lungsod mula sa petsa ng kanilang naunang pagkaka-empleyo sa HA, basta't na-empleyo na sila ng Lungsod noong Marso 7, 2019, o makaraan ang petsang ito, para sa mga layunin ng pagpapasya ukol sa retiree health benefits. Humigit-kumulang 24 dating empleyado ng HA ang na-empleyo na ng Lungsod sa ngayon.

Kapag nagretiro sila, tatanggap ang mga empleyado ng Lungsod, na nabigyan ng trabaho makaraan ang 2009, ng pagpopondo ng Lungsod para sa mga benepisyong sa kalusugan sa mga antas na mula 50 hanggang 100% ng mga gastos sa premium (hulog) batay sa kanilang mga taon ng serbisyo, at kailangang magretiro sila sa Lungsod upang matanggap ang pagpopondong ito. Sa pangkalahatan, tatanggap ang mga empleyadong nabigyan ng trabaho bago ang 2009 ng nabayaran na nang buo na mga benepisyong sa kalusugan kapag nagretiro sila, matapos ang limang taon lamang ng pagtatrabaho para sa Lungsod, at matatanggap nila ang mga benepisyong ito, patuloy man silang magtatrabaho, at sa kalaunan ay magretiro na, sa pagkaka-empleyo sa Lungsod.

Sa pangkalahatan, ituturing ng pag-amyenda ang sinumang empleyado ng HA na nabigyan ng trabaho ng Lungsod sa pagitan ng Marso 7, 2019 at Marso 1, 2021, bilang nagsimula ng pagkaka-empleyo sa Lungsod mula sa petsa ng kanilang nauna nang pagkaka-empleyo sa HA. Sa katunayan, kapag naging mga empleyado ng Lungsod ang mga empleyado ng HA na ito, magiging mas mababa ang kanilang payroll contribution (ibinabawas mula sa suweldo) tungo sa trust fund (itinatabing pera) para sa retiree healthcare kaysa sa halaga nito bago ang pag-amyenda, at mas malaking bahagi ng gastos para sa kanilang premium sa pangangalaga sa kalusugan matapos ang pagreretiro, ang babayaran ng Lungsod. Para sa karaniwang empleyado na magtatrabaho ng dagdag na 20 taon at pagreretiro sa Lungsod, ang mas malaking gastos sa Lungsod sa ilalim ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ay nasa saklaw ng \$80,000 batay sa kasalukuyang halaga ng dolyar, at mahahati-hati ang gastos na ito sa loob ng maraming taon.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "C"

Noong Nobyembre 12, 2019, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon C sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Oo sa Proposisyon C - Retiree Health Care Benefits (Mga Benepisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng mga Retirado) para sa Dating mga Empleyado ng San Francisco Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay)

Makatutulong ang Proposisyon C na malutasan ang hindi inaasahan na naging bunga ng mga pagbabago sa San Francisco Housing Authority, ayon sa itinakda ng Federal Department of Housing and Urban Development (Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng mga Lungsod). Makatwiran ito at sadyang maingat na iniangkop upang matiyak na makakukuha ang mga empleyadong naapektuhan ng mga itinakda ng Pederal na Gobyerno ng patas na pagtrato sa pagpapasya ukol sa kanilang mga benepisyo sa pagreretiro.

Kung wala ang Proposisyon C, mawawalan ng kredito para sa kanilang mga taon ng pagseserbisyo ang mga empleyado ng San Francisco Housing Authority na magtatransisyon tungo sa pagkaka-empleyo sa Lungsod at County ng San Francisco sa loob ng susunod na taon. Dahil dito, itatakda sa ilang empleyadong maraming taon nang nagtrabaho para sa San Francisco Housing Authority na mag-umpisang muli sa simula, para sa mga layunin ng pagpapasya ukol sa kanilang mga medikal na benepisyo para sa retirado.

May epekto ang panukalang-batas na ito sa napakaliit na bilang ng mga pampublikong empleyado sa San Francisco, pero napakahalaga nito sa humigit-kumulang sa 50 empleyado at kanilang mga pamilya na maaapektuhan.

Bagamat kailangan ng mga pagbabago upang magawan ng bagong istruktura ang San Francisco Housing Authority, at sa gayon ay matiyak ang katatagan ng pabahay para sa mahigit sa 12,000 taga-San Francisco na umaasa sa mga subsidyo sa pabahay, hindi dapat mapahamak nang hindi makatwiran ang mga empleyado nang dahil sa mga aksiyong dapat ipatupad ng lungsod upang makasunod sa mga itinatakda ng pederal na gobyerno.

Bumoto ng Oo sa proposisyon C.

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Norman Yee

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Vallie Brown

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Shamann Walton

Superbisor Ahsha Safai

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



D

Vacancy Tax (Buwis sa Bakanteng Espasyo)

Dapat bang buwisang ng Lungsod ang mga may-ari o umuupa na pinananatiling bakante ang nasa unang palapag na tindahan o iba pang komersiyal na espasyo sa ilang lugar sa San Francisco, sa halagang nasa pagitan ng \$250 at \$1000 kada foot (talampakan) na nakaharap sa kalye, simula Enero 1, 2021, at nang walang petsa kung kailan mawawalan ng bisa, at gamitin ang taunang kita, na tinatayang mula sa maliit na halaga hanggang sa \$5 milyon, at sa gayon, makatulong sa maliliit na negosyo?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Hindi binubuwisan ng Lungsod at County ng San Francisco (ang Lungsod) ang mga nagmamay-ari o umuupa na pinananatiling bakante ang komersiyal na ari-arian.

Kailangang aprubahan ng mga botante ng Lungsod ang mga pagtataas sa mga limitasyon sa paggasta ng kita mula sa buwis.

Ang Mungkahi: Bubuwisan ng Proposisyon D ang mga may-ari o umuupa na pinananatiling bakante ang nasa unang palapag na tindahan o iba pang komersiyal na espasyo sa ilang lugar ng Lungsod. Nakabatay ang buwis, na magsisimula sa Enero 1 2021, sa dalawang salik o bagay:

- Ang bilang ng feet na nakaharap sa kalye ng nasa unang palapag na komersiyal na espasyo na pinanatiling bakante ng may-ari o umuupa; at
- Kung gaano katagal nang pinanatiling bakante ang komersiyal na espasyong iyon.

Bubuwisan lamang ang mga may-ari kung pinanatiling bakante ang komersiyal na espasyo sa loob ng mahigit sa 182 araw sa isang taon, batay sa kalendaryo. Hindi kasama sa mga bakanteng araw ang mga limitadong panahon kung saan nakapag-apply na para sa permit, o nabigyan na nito, o kung hindi na maaaring gamitin ang komersiyal na espasyo dahil sa sunog o natural na sakuna.

Kapag pinanatiling bakante ng tenant (umuupa) o subtenant (nangungupahan sa umuupa) ang komersiyal na ari-arian sa loob ng mahigit sa 182 araw sa isang taon, batay sa kalendaryo, siya ang bubuwisan sa halip na ang may-ari. Ang mga tenant o subtenant na mayroong lease agreement (kasunduan sa pag-upa) na pandalawang taon o mas mahaba pa, at nagpatakbo ng negosyo sa inuupahang espasyo sa loob ng hindi iiksi sa 183 araw nang magkakasunod-sunod, ay hindi bubuwisan para sa pagpapanatiling bakante sa espasyo.

Ipatutupad ang vacancy tax ayon sa mga sumusunod:

- Sa 2021, bubuwisan ang mga may-ari o umuupa ng \$250 kada foot na nakaharap sa kalye;
- Sa 2022, bubuwisan ang mga may-ari o umuupa ng \$250 man, o \$500 kada foot na nakaharap sa kalye, kung pinanatiling bakante ang espasyo sa kararaan pa lamang na taon; at
- Sa 2023 at sa susunod pang panahon, bubuwisan ang mga may-ari o umuupa ng \$250, \$500, o \$1000 man, kada foot na nakaharap sa kalye, batay sa bilang ng kararaan pa lamang na magkakasunod na taon na pinanatiling bakante ang espasyo.

Hindi rin ipatutupad ang vacancy tax sa ilang organisasyong nonprofit.

Gagamitin ang mga kita sa buwis na ito upang matulungan ang maliliit na negosyo sa Lungsod.

Tataasan ng Proposisyon D ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa taunang kita mula sa buwis sa loob ng apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong buwisang ng Lungsod, simula Enero 1, 2021, ang mga may-ari o umuupa na pinananatiling bakante ang nasa unang palapag na tindahan o iba pang komersiyal na espasyo sa ilang lugar sa San Francisco, at gamitin ang mga kita upang matulungan ang maliliit na negosyo.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” hindi ninyo inaaprubahan ang buwis na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “D”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66 $\frac{2}{3}$ % botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magreresulta ito sa Lungsod ng pagtaas ng taunang kita mula sa buwis tungo sa halagang de minimus (hindi mahalagang isaalang-alang) na hanggang sa pinakamataas nang halaga na \$5 milyon, kung saan inaasahan ang mas mataas na kita sa panahon ng pagbaba ng ekonomiya. Dedicated tax (buwis na may pinagtutuunan) ang buwis na ito at idedeposito ang mga kita sa Small Business Assistance Fund (Small Business Assistance Fund).

Amyendahan ng mungkahing ordinansa ang Business Tax and Regulations Code (Kodigo sa Buwis sa Negosyo at mga Regulasyon) ng Lungsod upang magpataw ng taunang excise tax (buwis sa pagbebenta) na \$1,000 kada linear foot (batay lamang sa haba) ng nakaharap sa kalye na frontage (pambungad na bahagi) ng bakanteng komersiyal na espasyo sa unang palapag, na matatagpuan sa neighborhood commercial district (distritong mababa o katamtaman ang dami ng tao at magkahalong residensiyal at komersiyal ang gamit) o neighborhood transit commercial district (distritong katamtaman o malaki ang bilang ng tao, magkahalo ang gamit at mahusay ang pampublikong transportasyon). Babayaran ang buwis ng may-ari ng negosyo, kung hindi pinaupahan ang komersiyal na espasyo; ng umuupa, kung pinaupahan pero hindi muling pinaupahan sa iba; o ng sublessee (nangungupahan sa umuupang may hawak ng kasunduan sa upa). Sa pangkalahatan, ituturing na bakante ang komersiyal na espasyo sa unang palapag kung walang umookupa, walang tumitira, o walang gumagamit nito sa loob ng 182 araw.

Itatag ng mungkahing ordinansa ang Small Business Assistance Fund. Matapos ang pinahihintulutang gastos sa pamamahala at pagsasauli ng anumang labis na kabayaran sa vacancy tax, magkakaloob ang Fund ng tulong para sa pagpapanatili at pagpapatakbo ng maliliit na negosyo sa San Francisco.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "D"

Noong Nobyembre 21, 2019, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 8 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon D sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Fewer, Haney, Mar, Ronen, Safai, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Pinahintulutang Huwag Sumali: Mandelman, Peskin, Stefani.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Panatilihin BUKAS ang San Francisco para sa Maliliit na Negosyo. Bumoto ng Oo sa D!

Sa kabuuan ng San Francisco, nahhirapan ang ating mga neighborhood commercial district (distritong mababa o katamtaman ang dami ng tao at magkahalong residensiyal at komersiyal ang gamit) dahil sa mga bakanteng storefront (tindahan sa unang palapag na nakaharap sa kalye). Artipisyal na nililikha ang marami sa mga bakanteng espasyo na ito ng iilang komersiyal na nagpapaupa na naghihintay para sa labis-labis na pagtataas ng upa.

Magkakaloob ang Oo sa D ng mga insentiba upang mapunuan ng mga komersiyal na nagpapaupa ang mga bakanteng harapan ng tindahan at alisin ang napakapangit na graffiti (bandalismo sa pader at dingding) na nakapipinsala sa mga komunidad mula North Beach hanggang Outer Sunset. Gagana ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- **Magtatakdang ito ng maiiwasang vacancy tax (buwis sa bakanteng espasyo) sa matatagal nang bakanteng komersiyal na ari-arian sa komunidad** – lubusang maiiwasan ang buwis na ito kung gagawa ang nagpapaupa ng mga batayan at kinakailangang hakbang upang makahikayat ng mga bagong uupa.
- **Pananatilihin nitong hindi nag-iiba-iba ang upa para sa maliliit na negosyo** sa mga neighborhood commercial district.
- **Babawasan nito ang pagkapinsala ng mga komunidad** na idinudulot ng matatagal nang bakanteng ari-arian.
- **Mapipigilan nito ang mga pagpapaalis sa maliliit na negosyo** sa pamamagitan ng pagbibigay-lakas sa mga ito sa pakikipagnegosasyon para sa upa.
- **Lilikha ito ng pinaka-una kailanman na Small Business Assistance Fund (Pondo para sa Pagtulong sa Maliliit na Negosyo)** upang makapagbigay ng tulong sa maliliit na negosyo sa kabuuan ng lungsod.
- **Walang pagtataas sa property tax (amilyar) o sales tax (buwis sa pagbebenta)** – maaapektuhan lamang ng buwis na ito ang mga may komersiyal na pag-aari na mabibigong paupahan ang kanilang bakanteng storefront sa loob ng makatwirang panahon.

Ang Oo sa D ay panukalang-batas na sumusuporta sa maliliit na negosyo, at dinisenyo ito upang mapanatiling dumadaloy ang pampabuhay na dugo ng mga neighborhood commercial district, masuportahan ang mga lokal na maliliit na negosyong pagmamay-ari ng pamilya, at mapanatili ang ating lungsod na espesyal na lugar na mapamumuhayan.

Pakisamahan kami at bumoto ng Oo sa D.

Mayor London Breed

Senador ng Estado Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Mga Superbisor Sandra Lee Fewer, Catherine Stefani, Aaron Peskin, Gordon Mar, Inihalal na Superbisor Dean Preston, Matt Haney, Norman Yee, Rafael Mandelman, Hillary Ronen, Shamann Walton, Ahsha Safai
Mga Komisyoner para sa Maliliit na Negosyo Kathleen Dooley, Sharky Laguana, William Ortiz-Cartagena, Miriam Zouzounis

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko)

Harvey Milk LGBT Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBT)

Alice B. Toklas LGBT Democratic Club (Alice B. Toklas na Samahang Demokratiko na LGBT)

Arab American Grocers Association (Arabo Amerikanong Asosasyon ng mga May-ari ng Groseriya)

Castro Merchants Association (Asosasyon ng mga Mangangalakal sa Castro)

Fillmore Merchants Association (Asosasyon ng mga Mangangalakal sa Fillmore)

Haight Ashbury Merchants Association (Asosasyon ng mga Mangangalakal sa Haight Ashbury)

Ingleside Merchants Association (Asosasyon ng mga Mangangalakal sa Ingleside)

Merchants of Butchertown (Mga Mangangalakal ng Butchertown)

North Beach Business Association (Asosasyong Pangnegosyo sa North Beach)

People of Parkside (Mga Mamamayan ng Parkside)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon D.

Pinarurusahan ng inisyatiba sa buwis ng mga Superbisor ang maliliit na negosyo ng komunidad at mga may ari-arian na nagsusumikap na mabilis na mapaupahan ang kanilang mga storefront, ngunit madalas na naaantala nang dahil sa burukratikong red tape (labis-labis na patakaran) ng City Hall.

Gaano katagal ang “Matagal nang Bakante”?—Hindi Masyadong Matagal.

Sinasabi ng pahayag ng may-panukala na ipatutupad ang buwis sa “matagal nang bakante” na mga komersiyal na ari-arian sa komunidad. Maaaring isipin ng sinuman na nangangahulugan ang terminong ito ng taon-taon, at hindi ng buwan-buwan. Binibigyang-depinisyon ng inisyatiba ang panahon ng pagkakabakante bilang “mahigit sa 182 araw.”

Madalas na umaabot ng mahigit sa anim na buwan ang proseso ng paghahanap ng uupa, pakikipagnegosasyon ukol sa kasunduan, at pagsang-ayon sa mga patakarang nasa kontrata ng pag-upa. Kapag sinasabi ng mga Superbisor na “matagal nang bakante” ang storefront, matapos lamang ang anim na buwan, mapanglihis ito.

Bakit may diskriminasyon laban sa mga Pop-up?

Ang mga Pop-up ay mga umuupa sa loob ng maikling panahon na naghahandog ng espesyalisadong produkto, o inobatibong konsepto sa pagkain, o nagkakaloob ng natatanging karanasan.

Sa ilalim ng buwis ng mga Superbisor, ang pagkakaroon ng dalawang Pop-up sa loob ng 90 araw bawat isa ay pagpapanatiling bakante sa espasyo nang mahigit sa 182 araw, at mapapatawan ito ng buwis kahit na ginagawa ng may-ari ang lahat ng makakayanan upang mapunuan ang espasyo ng mga umuupang naglilingkod sa komunidad.

Sinisikap pigilan ng inisyatiba ng mga Superbisor ang mga Pop-up na umuupa.

Bakit binibigyan ang mga non-profit ng kalayaang maningil ng labis-labis na pagtataas ng upa sa pamamagitan ng pagpapanatili sa mga storefront na walang laman?

Sinusubukan ng pahayag ng may-panukala na bigyang-katwiran ang mapagparusang buwis sa pamamagitan ng pagsasaad na lumilikha ang mga may komersiyal na ari-arian ng artipisyal na bakanteng espasyo upang magkaroon ng labis-labis na pagtataas ng upa. Bakit hindi pantay na ipinatutupad ang buwis sa mga non-profit? Tingnan ang Seksiyon 2905 (b).

Tanggihan ang Proposisyon D at pahintulutan ang mas maraming umuupa sa ating mga komunidad.

Mark Borsuk

Real Estate Broker (Ahente ng mga Ari-arian) / Abogado

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

HUWAG BIGYAN NG BLANGKONG TSEKE ANG CITY HALL. Bumoto ng Hindi sa D.

Heto na naman tayo. Gusto ng mga politiko ng City Hall ng bagong buwis. Matapos mabuwisan ang halos lahat ng bagay na gumagalaw, at ilang hindi, ngayon naman ay pagbubuwis sa mga bakanteng espasyo. Muli, hilaw na lehislasyon ito na hindi makalulutas sa problema.

Ang mga Neighborhood Commercial District ang Gulugod ng Lungsod.

Noong nagpapatakbo ang lolo ko ng lokal na tindahan sa Excelsior, pinagkakasya ng mga nagtatrabahong pamilya ang kinikita, at may malasakit sa isa't isa ang magkakapitbahay. Ngayon, nananatili ang mga neighborhood commercial district na gulugod ng San Francisco. Dahil naging abot-langit na ang mga gastos, kailangan nating protektahan ang mga negosyo sa komunidad mula sa mga buwis ng City Hall.

Tinatamaan ng Proposisyon D ang maliliit na negosyo mismo sa kailang mga pitaka.

Sinasabi ng mga taga-suporta na isang paraan ang panukalang-batas na ito upang pagbayarin ang mga nagpapaupa para sa pagpapanatiling bakante sa mga ari-arian, pero pinahihintulutan ng Prop. D ang mga nagpapaupa na ipasa ang buwis sa mga negosyo, kung kaya't lalo pang pinatataas nito ang mga upa. Ang maliliit na negosyo mula West Portal hanggang Bayview ang siyang kailangang magbayad ng singil.

Kaya nga't putulin na natin ang red tape (labis-labis na patakaran).

Mula Haight Street hanggang Ocean Avenue, at mula Church Street hanggang Leland Avenue, nakikita natin na lubos na napakarami ng bakanteng tindahan. Sa Sunset, may lokal na may-ari ng maliit na negosyo na halos naubusan na ng lahat ng kanyang ipon dahil "nagkamali" ang Lungsod sa panahon ng pagkuha ng permit. Kailangan muna nating putulin ang red tape.

Sa badyet nitong \$12 bilyon, mas may magagawa pa ang San Francisco sa nariryan nang mga pondo.

Sa Stockton Street at Van Ness Avenue, napinsala na ng maraming taon ng pagkaantala ng konstruksiyon ang maliliit na negosyo. Kailangang gamitin ng Lungsod ang bahagi ng \$12 bilyon nito upang malutas muna ang mga problemang ito bago humingi sa mga nagbabayad ng buwis ng karagdagan pa.

Walang Pag-o-audit, Mas Maraming Kawani sa City Hall.

Pangwakas, basahin mismo ang panukalang-batas. Walang regular na pag-o-audit kung paano gagamitin ang mga pondo. Isang bagay na mababayaran ng City Hall: mas maraming kawani upang mangolekta ng buwis.

Huwag magpaloko. Bumoto ng Hindi sa D.

Ben Matranga

May-ari ng Tahanan sa West Portal at Nagbabayad ng Buwis

May-ari ng Maliit na Negosyo

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Sumasang-ayon ang Maliliit na Negosyo: Oo sa D!

Sumasang-ayon ang maliliit na negosyo sa San Francisco mula sa bawat sulok ng lungsod, ang marami sa ating mga asosasyon ng mga mangangalakal sa distrito, at ang ating mga Komisioner para sa Maliliit na Negosyo. **Mabuti para sa maliliit na negosyo ang Pag-oo sa D.**

Hindi nagpapataw ng buwis sa maliliit na negosyo ang Pag-Oo sa D. Sa halip, ipinapataw ito sa mga may komersiyal na ari-arian at nagpapaupa na pinananatiling bakante ang mga storefront, kung kaya't kasama ito sa mga sanhi ng kapangitan at krimen sa ating mga komunidad.

Ang Oo sa D ay buwis na pinaka-epektibo kung hindi ito kailanman babayaran. Nagsisilbi ito bilang insentiba sa mga komersiyal na nagpapaupa upang gawin ang tamang bagay: makipagnegosasyon nang makatwiran sa mga umuupang maliliit na negosyo, iwasan ang labis na pagtataas ng upa, at makipagtrabaho nang may kooperasyon sa kailang mga kapitbahay, at nang matiyak na mananatiling lubos na bukas para sa pagnenegosyo ang mga neighborhood commercial district.

Direktang mapupunta ang anumang makokolektang kita sa **Small Business Assistance Fund (Pondo para sa Pagtulong sa Maliliit na Negosyo)** upang makapagbigay ng tulong sa maliliit na negosyo sa kabuuan ng lungsod. Ipasasailalim ang Pondo sa taunang pag-o-audit ng independiyenteng City Controller's Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) at rerepasuhin ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

Lubos kaming nagmamalasakit para sa kalusugan ng maliliit na negosyo ng San Francisco. Pakisamahan kami sa pagboto ng OO sa D!

Castro Merchants Association

Haight Ashbury Merchants Association

Ingleside Merchants Association

Merchants of Butchertown

North Beach Business Association

Komisyoner para sa Maliliit na Negosyo Kathleen Dooley*

Komisyoner para sa Maliliit na Negosyo Sharky Laguana*

Komisyoner para sa Maliliit na Negosyo William Ortiz-Cartagena*

Superbisor Aaron Peskin

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



E

Mga Limitasyon sa mga Pang-opisinang Development

Dapat bang iugnay ng Lungsod ang taunang square footage (kuwadrangong talampakan) na inilalaan para sa Malalaking Pang-opisinang Proyekto sa pagtugon ng Lungsod sa mga Tunguhin para sa Abot-kayang Pabahay (Affordable Housing Goals) nito, at palitan ang mga pamantayan para sa pag-aapruba ng ilang pang-opisinang proyekto?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Noong 1986, inaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang mga limitasyon sa development ng mga proyektong may hindi bababa sa 25,000 square feet (kuwadrangong talampakan) ng pang-opisinang espasyo.

Kapag nagpapasya kung aaprubahan ang mga proyektong ito, kailangang isaalang-alang ng Lungsod ang maraming uri ng salik o bagay.

Hindi pa natutugunan ng Lungsod ang mga tunguhin sa pabahay na itinakda ng Estado para sa mga kabahayang napakababa, mababa, at katamtaman ang kita (Mga Tunguhin para sa Abot-kayang Pabahay).

Noong 2018, inaprubahan ng Lungsod ang plano na nagpapahintulot sa development ng ilang pang-opising proyekto sa bahagi ng komunidad na South of Market, na kilala rin bilang Central SoMa.

Ang Mungkahi: Ikakabit ng Proposisyon E ang taunang inilalaan ng Lungsod para sa mga pang-opisinang espasyo na proyekto, na hindi bababa sa 50,000 square feet (Malalaking Pang-opisinang Proyekto), sa nagawang pagkamit ng Lungsod sa mga Tunguhin nito para sa Abot-kayang Pabahay, at magtakda ng minimum na Tunguhin para sa Abot-kayang Pabahay na 2,042 unit kada taon para sa layuning ito.

Kapag hindi nakamit ng Lungsod ang mga Tunguhin nito para sa Abot-kayang Pabahay, bababa ang ilalaang square footage sa susunod na taon para sa Malalaking Pang-opisinang Proyekto sa porsiyentong kapareho ng kakulangan sa pabahay.

Pahihitulan ng Proposisyon E ang Lungsod na humiram ng square footage mula sa mga nakalaan sa hinaharap na pang-opisinang espasyo para sa:

- Malalaking Pang-opisinang Proyekto na nakatutugon sa ilang itinatakda para sa abot-kayang pabahay; at

- Malalaking Pang-opisinang Proyekto sa Central SoMa na naisumite na para sa pag-apruba bago ang Setyembre 11, 2019, at nakatutugon sa espesipikong mga pamantayan.

Makaraan ang Enero 1, 2019, hindi na lalampas sa kabuuang laki na 6 milyon square feet ng Malalaking Pang-opisinang Proyekto sa Central SoMa ang puwedeng maaprubahan hanggang sa makapagtayo ng hindi bababa sa 15,000 bagong unit na pabahay sa mas malawak na komunidad ng SoMa.

Babaguhin ng Proposisyon E ang mga pamantayan na kailangang isaalang-alang ng Lungsod sa pag-apruba ng mga pang-opisinang proyekto na hindi bababa sa 25,000 square feet.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong iugnay ang taunang square footage (kuwadrangong talampakan) na inilalaan ng Lungsod para sa Malalaking Pang-opisinang Proyekto sa pagtugon ng Lungsod sa mga Tunguhin para sa Abot-kayang Pabahay nito, at palitan ang mga pamantayan para sa pag-aapruba ng ilang pang-opisinang proyekto.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “E”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposition E:

Sa aking opinyon, kapag naaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magkakaroon ito ng pangmatagalang epekto ng pagpapabagal sa konstruksiyon ng pang-opisinang espasyo sa Lungsod, maliban na lamang kung pabibilisin ang konstruksiyon ng abot-kayang pabahay, na magresulta sa malaking pagbaba ng kita sa buwis mula sa mas mabababang antas na pang-opisinang development, o sa malaking pagtaas ng gastos ng gobyerno ng Lungsod dahil sa mas maraming development para sa abot-kayang pabahay.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.

Noong 1986, pinagtibay ng mga botante ang programa na sa pangkalahatan ay lumikha ng limitadong taunang paglalaan ng bagong pang-opisinang espasyo na maaaring ma-develop sa Lungsod. Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang programang iyon sa maraming paraan, kasama na ang pagbabawas sa taunang inilalaan sa anumang taon na hindi matutugunan ng Lungsod ang taunang tunguhin nito na makagawa ng pabahay para sa mababa at katamtaman ang kita, sa ilalim ng Regional Housing Needs Assessment (Panrehiyon na Pagtatasa sa mga Pangangailangan sa Pabahay) na itinakda ng Association of Bay Area Governments (Asosasyon ng mga Pamahalaan sa Bay Area), o 2,042 unit ng abot-kayang pabahay, alin man ang mas malaki. Kapag hindi natugunan ng Lungsod ang target na ito, gagawing mas mababa ang taunang limitasyon para sa pang-opisinang espasyo sa susunod na taon, at bababa ang limitasyon sa square footage sa susunod na taon sa porsiyentong kapareho ng kakulangan sa pabahay.

Nakabatay ang magiging epekto sa pinansiya ng mungkahi sa ilang salik sa mga susunod na taon sa hinaharap, kasama na ang pangangailangan para sa karagdagang pang-opisinang espasyo sa Lungsod, taunang pondo ng gobyerno na nakalaan para sa development ng abot-kayang pabahay, mga kalakaran sa gastos sa konstruksiyon, at ilan pang pang-ekonomiyang salik. Mag-iiba-iba nang malaki ang mga salik na ito sa pagdaan ng panahon.

Bilang paglalarawan nito, kung mayroon nang naka-puwestong ordinansa nitong nakaraang sampung taon, at kapag isinaalang-alang ang bilis ng development ng pang-opisinang espasyo at abot-kayang pabahay sa panahong iyon, nagresulta na sana ang ordinansa ng karaniwang taunang pagbaba na 560,000 square feet ng development ng pang-opisinang espasyo sa Lungsod, na magdudulot ng pinagsama-sama nang pagkabawas ng humigit-kumulang sa 5.6 square feet sa pagtatapos ng takdang panahong iyon. Nagresulta na sana ang pagkabawas na ito sa development ng mga opisina sa mas mababang kita mula sa property tax (amilyar) at business tax (buwis sa negosyo) ng General Fund, at mas mababang gastos ng Lungsod sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa mga kawani sa espasyong ito. Sa kasalukuyang mga porsiyento ng buwis, tinataya natin na hahantong ang pagkawala ng 560,000 square feet ng pang-opisinang espasyo ng pagkawala ng kita sa buwis na humigit-kumulang sa \$11.5 milyon kada taon. Magresulta ang mga konserbatibong pagpapalagay ukol sa paggamit ng mga serbisyo ng Lungsod ng mga kawani sa opisina ng tinatayang katipiran sa gastos na nasa pagitan ng \$4 milyon at \$7 milyon taon-taon, na nagpapakita ng net fiscal loss (netong pinansiyal na pagkalugi) na nasa pagitan ng \$4 milyon at \$7 milyon kada taon sa panahong ito. Sa karaniwan, tataas ang netong gastos taon-taon habang pinapakawalan ang karagdagang pang-opisinang espasyo. Hindi kasama sa pagsusuring ito ang pamumuhunan sa transportasyon at iba pang imprastruktura na kinakailangan upang masuportahan ang development na ito, at hindi rin kasama ang

mga singil para sa epekto ng development, kapasidad para sa mga bond (utang ng gobyerno), o iba pang kita ng Lungsod na nakukuha mula sa development mismo at puwedeng magamit para sa mga layuning ito.

Kapalit nito, puwedeng maiwasan ng Lungsod ang mga restriksiyong ito sa development ng mga opisina sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat na abot-kayang pabahay upang matugunan ag natukoy na target. Mag-iiba-iba nang malaki ang mga pamumuhunang ito taon-taon batay sa ilang salik. Upang mailarawan ito, dapat ay nasa saklaw ng mula \$200 milyon hanggang \$500 milyon ang karagdagang taunang kinakailangan para sa pamumuhunan, at nang matugunan ang kakulangan sa abot-kayang pabahay sa loob ng sampung taon na takdang panahon na natukoy sa itaas. Malamang na sa mga susunod na taon sa hinaharap, mapabababa ang mga kakulangan dahil sa pagdami kamakailan ng nakukuhang suporta para sa abot-kayang pabahay.

Gaya ng nakatala sa itaas, malamang na magiging malaki ang pagkakaiba ng pinansiyal na epekto ng mungkahing panukalang-batas kung ihahambing dito, batay sa ilang salik. Pahihintulutan ng panukalang-batas ang Lungsod na humiram ng square footage mula sa mga nakalaang pang-opisinang espasyo sa hinaharap para sa malalaking pang-opisinang proyekto na nakatutugon sa ilang itinatakda para sa abot-kayang pabahay, o para sa malalaking pang-opisinang proyekto sa SoMa na nakatutugon sa ilang pamantayan na isinumite bago sumapit ang Setyembre 2019. Ibabawas mula sa taunang limitasyon sa mga susunod na taon ang anumang halaga na madaragdag sa taunang limitasyon sa pamamagitan ng alinman sa mga probisyong ito. Nililimitahan ng mungkahing ordinansa ang pag-apruba na hanggang sa kabuuang 6 milyon square feet ng malalaking pang-opisinang proyekto sa Central SoMA makalipas ang Enero 1, 2019, maliban na lamang kung may maaaprubahan na hindi bababa sa 15,000 bagong unit ng pabahay sa mas malawak na komunidad ng SoMA.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Nobyembre 8, 2019, pinatotohanan ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang inisyatibang petisyon na humihiling na magkaroon ng sapat ng bilang ng katanggap-tanggap na lagda ang Proposisyon E upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Nobyembre 4, 2019 na mas malaki ang kabuuang bilang ng katanggap-tanggap na lagda kaysa sa itinatakdaang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 34.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Oo sa E. Magtayo Tayo ng Abot-kayang Pabahay nang Una sa Lahat – at nang Mas Mabilis.

Sumasang-ayon ang lahat ng taga-San Francisco – kailangan natin ng mas maraming abot-kayang pabahay! Itinatakdang Tunguhin ng Estado taon-taon ang pagtatayo ng hindi bababa sa 2,042 bago at abot-kayang pabahay. Gayon pa man, hindi bababa sa 32% ang kakulangan natin nitong nakaraang limang taon - ngunit sa kabila nito, patuloy pa rin ang pag-apruba ng ating Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano) ng mas maraming pang-opisinang gusali ng mga tech na kompanya!

Saan na titira ang kanilang mga manggagawa? Ang totoo, 1/3 sa kanila ang mangangailangan din ng abot-kayang pabahay.

Iyan ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Pag-oo sa E:

- **Nilalagyan nito ng ngipin ang ating mga tunguhin para sa abot-kayang pabahay.** Sa unang pagkakataon, direktang ikinakabit ng Prop E ang aktuwal na konstruksiyon ng abot-kayang pabahay sa dami ng pang-opisinang espasyo na maaaring maaprubahan. Dahil dito, kapag hindi umabot sa Tunguhin ng Estado ang abot-kayang pabahay, *pabababain* ang development ng mga opisina sa gayon ding porsiyento sa susunod na taon.
- **Tumutulong ito upang mahinto ang pagkawala ng mga lugar.** Nawala na sa San Francisco ang 34,000 kabahayan na para sa mga mababa ang kita at 4,000 kabahayang para sa mga panggitna ang kita nitong nakaraang walong taon nang dahil sa mabilisang development. Kailangang matigil na ito!
- **Pinahihintulutan nito ang mahigit sa 900 unit ng abot-kayang pabahay** sa mga proyektong nagsasama-sama ng iba't ibang gamit, at nagkakaloob din ng sapat na abot-kayang pabahay

para sa mga manggagawa nito. At binubuksan nito ang pintuan para sa mga mas “balanseng” proyekto na gaya rin nito sa hinaharap.

- **Nagtatakda ito ng 15,000 bagong unit ng abot-kaya/nasa presyo ng merkado na pabahay sa South of Market** at itinitigil ang karagdagang pagde-develop ng mga opisina roon hanggang sa maitayo muna ang mga ito.
- **Inilalagay nito ang mga proyektong pang-opisina na may pinakamaraming pakinabang sa publiko at komunidad sa unahan ng linya** para sa pag-apruba ng Planning Commission.

Mahigpit na sinusupportahan ang Pag-oo sa E ng mga non-profit na organisasyon para sa pabahay, mga nag-aadbokasya para sa abot-kayang pabahay, at mga taga-San Francisco mula sa bawat sulok ng lungsod na gustong maitayo ang abot-kayang pabahay – nang mas mabilis. **Mangyaring samahan kami at bumoto ng OO sa E.**

Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)
Tenants and Owners Development Corporation
AIDS Housing Alliance (AIDS na Alyansa para sa Pabahay)
SOMA PILIPINAS

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Kailangan talaga natin ng mas maraming abot-kayang pabahay nang mas mabilis! Sa kasamaang palad, ang kabaligtaran ang gagawin ng panukalang-batas na ito. Babagal ang ating produk-siyon ng pabahay at hihinto ito sa kalaunan kapag naipasa ang Prop E.

Kung bakit maaantala ng Prop E ang ating pag-unlad:

- **Papatayin nito ang pagpopondo.** Babawasan ng Prop E nang mula \$600 hanggang \$900 milyon ng mga singil para sa abot-kayang pabahay na lilikhain ng mga bagong pang-opisinang espasyo sa loob ng susunod na dalawampung taon. Paano natin maaasahang makapagtayo ng libo-libo na bagong abot-kayang tahanan taon-taon kung walang pagpopondo?
- **Mawawalan ng lugar ang maliliit na negosyo at nonprofit.** Kapag naging mas limitado pa kaysa ngayon ang pag-apruba sa mga bagong pang-opisinang espasyo, magiging abot-langit ang upa para sa mga negosyo, kung kaya't inaabandona na rin natin ang mga hindi panteknolohiyang sektor na kailangan ng tulong.
- **Inilalagay nito sa unahan ng linya para sa pag-apruba ang mga pang-opisinang proyekto kung saan ang awtor ng Prop E ang makikinabang.** Ang panukalang-batas na ito ay regalo sa mga developer ng SOMA na nakipagnegosasyon na sa

awtor. Maaaprubahan muna ang kanilang pang-opisinang espasyo bago isara ng Prop E ang pintuan sa mga oportunidad sa hinaharap.

Kaaapruba lang ng mga botante ang napakahalagang Affordable Housing Bond (Utang ng Gobyerno para sa Abot-kayang Pabahay). Kailangang palawakin pa ng San Francisco ang pag-unlad na ito upang mapanatili ang ating mga guro, first responder (unang tumutugon sa panahon ng krisis), at mga pamilyang mababa at panggitna ang kita sa lungsod na itinuturing nilang tahanan. Ang Prop E, na walang itatayong bagong pabahay, ay pagsubok na nakabatay sa maling akala.

Huwag nating hayaang magdusa ang ating lungsod, at ang mali-liit na negosyo at nonprofit nito. Bumoto ng HINDI sa Prop E!

Superbisor Catherine Stefani
*Stephen H. Adams, Presidente, Small Business Commission (Komisyon para sa Maliliit na Negosyo)**
*Rodney Fong, CEO at Presidente, San Francisco Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa San Francisco)**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Mayroong krisis sa abot-kayang pabahay ang ating lungsod at palalalain lamang ito ng Prop E. Bumoto ng hindi sa Prop E!

Regalo ang Prop E sa sandakot na malalaking developer sa SOMA, kung saan iisang tao lamang ang sikretong nakipagnegosasyon at naglagay nito sa balota.

Walang ginagawa ang Prop E upang makalikha ng abot-kayang pabahay na kailangang-kailangan na ng ating lungsod – sa katunayan, nililimitahan ng Prop E ang kakayahan natin na magtayo ng mas maraming pabahay dahil binabawasan nito nang napakalaki ang pondong ginagamit ng Lungsod sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay.

Babawasan ng Prop E nang mula \$600 hanggang \$900 milyon ang mga singil para sa abot-kayang pabahay na babayaran ng pang-opisinang espasyo sa loob ng susunod na 20 taon, kung kaya't para na rin nitong tinanggal ang Affordable Housing Bond na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 2019, at tatanggalin din ang dagdag pang \$300 milyon mula sa pondo para sa abot-kayang pabahay.

Lubhang lilimitahan ng Prop E ang pang-opisinang espasyo para sa ating maliliit na negosyo at nonprofit – espasyo na kumakaunti na at mas lalo pang naging mas mahal. Sa pamamagitan ng paglalagay ng mga restriksiyon sa pang-opisinang espasyo, iyon lamang pinakamalalaking korporasyon tulad ng Facebook, Google, at Uber ang makakayanang magbayad upang magkaroon ng mga operasyon sa Lungsod. Nahihirapan na ang ating maliliit na negosyo at nonprofit para lamang makaraos, at ginagawa pang mas mahirap ito ng Prop E.

Kapag naipasa ang Prop E, malamang na mawawalan ang Lungsod ng mahigit sa \$1 bilyon sa kita ito mula sa property tax (amilyar) at gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita) na ginagamit sa pagbabayad ng paglilinis ng kalye, mga pulis, navigation center (sentrong tumutulong sa mga taong homeless), serbisyo ng Muni, mga pampublikong palikuran, at pagpapanatili sa mga parke sa maayos na kondisyon.

Regalo sa developer ang Prop E at malubha nitong mapipinsala ang San Francisco, habang pinaghihirapan natin ang pagtatayo ng mas maraming mga guro, first responder, at mga pamilyang mababa at panggitna ang kita, pagtulong sa mga walang tahanan tungo sa masisilungan at pangangalaga, at paglilinis ng ating mga kalye.

Mangyaring bumoto ng hindi sa regalong ito sa developer – bumoto ng hindi sa Prop E!

Superbisor Catherine Stefani

*Stephen H. Adams, Presidente, Small Business Commission (Komisyon para sa Maliliit na Negosyo)**

*Rodney Fong, CEO at Presidente, San Francisco Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa San Francisco)**

Larry Mazzola, Jr., Business Manager (Tagapamahala ng Negosyo), UA Lokal 38

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Huwag magpaloko sa taktika ng pananakot. Magtatayo ng abot-kayang pabahay ang pag-oo sa E nang mas mabilis – at nang una sa lahat!

Tinatanggap ng mga katunggali na kailangang-kailangan na ng San Francisco ng mas maraming abot-kayang pabahay. Gayon pa man, sa halip na magkaroon ng mga solusyon, sinasabi nilang dapat pa nating palakas ang gayon pa ring bigong mga polisiya sa development na siyang naging sanhi ng krisis na ito.

Tama na. Sobra na. Heto ang mga katunayan tungkol sa Prop E:

- **Nagkakaisa ang mga taga-San Francisco sa likod ng Pag-oo sa E.** Ineendorso ang E ng mga nonprofit na pangkat para sa abot-kayang pabahay, 8 mula sa 11 Superbisor, at ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko).
- **Magtatayo ang pag-oo sa E ng mas maraming abot-kayang pabahay -- nang mas mabili at una sa lahat!** Hinihingi ng E na tugunan ng lungsod ang ating mga tunguhin sa abot-kayang pabahay bago nito aprubahan ang bagong konstruksiyon ng malalaking opisina. Ganyan talaga ang dapat mangyari!
- **Mapipigilan ng pag-oo sa E ang lalo pa nating pagkahuli sa pabahay.** Ipinapakita ng sariling pag-aaral ng lungsod na sa bawat 1 milyong square feet (kuwadrangong talampakan) ng itinatayong bagong pang-opisina na espasyo, *nahuhuli tayo nang mahigit sa 513 unit* sa ating mga pangangailangan para sa abot-kayang pabahay. Hindi maaaring patuloy tayong naghuhukay ng kasasadlakan natin!

- **Hindi totoo ang pahayag ng mga katunggali na mawawalang kita.** Nakabatay ang kanilang mga pahayag sa mapang-uyam na palagay na HINDI KAILANMAN matutugunan ng San Francisco ang ating mga tunguhin sa abot-kayang pabahay. Pero, sa ilalim ng Prop E, magagawa natin ito -- at gagawin natin ito!

16,000 taga-San Francisco ang pumirma ng mga petisyon na naglalagay sa Prop E sa balota dahil alam nilang kailangan natin ng mga bagong solusyon para sa abot-kayang pabahay. Dose-dosenang mga pansibikong lider, organisasyong pangkomunidad, at mga pangkat sa komunidad ang sumasang-ayon. Mangyaring samahan kaming lahat at bumoto ng OO sa E!

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)

Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad)

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)

Tenants and Owners Development Corporation

AIDS Housing Alliance (AIDS na Alyansa para sa Pabahay)

South of Market Community Action Network (Network ng Aksiyon para sa Komunidad na South of Market, SOMCAN)

SOMA PILIPINAS

Senior & Disability Action (Aksiyon para sa mga Matatanda at May Kapansanan sa San Francisco)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Volunteer!

Serve as a Poll Worker!

It takes more than 2,500 Poll Workers to conduct an election. Poll Workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some Poll Workers have volunteered during every election for decades. Poll Workers include high school students learning on-the-job civic lessons, retirees, and hundreds of people who take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters.

To be a Poll Worker, you must be:

- A registered California voter, or
- A U.S. legal permanent resident, age 18 or older, or
- A San Francisco high school student at least 16 years old*

If you are bilingual in English and Chinese, Spanish, Filipino, Vietnamese, or Korean, we encourage you to apply!

Earn a stipend of **up to \$240** while helping your community.

How to apply:

Apply at the Poll Worker Recruitment Office
(City Hall, Room 48), Monday through Friday,
from 10 a.m. to 4 p.m.

OR

Apply online at sfelections.org/pw

* High school students can visit sfelections.org/student for instructions and to download an application.

We look forward to having you join our Poll Worker team!

For more information, visit sfelections.org/pw or call the Department of Elections Poll Worker Division at (415) 554-4395.



Talatuntunan

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo — Marso 3, 2020

A		
Accessible na pagboto at mga serbisyo	14	
Address ng inyong botohan (likod na pabalat)		
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota (likod na pabalat)		
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado (likod na pabalat)		
B		
Batas sa mga Karapatan ng Botante	7	
C		
Census 2020 ng Estados Unidos	12	
D		
Direktor, sulat mula sa	2	
I		
Isinusulat-lamang (write-in) na kandidato, pagboto sa kuwalipikadong Itanong, mga Madalas na	10 28	
K		
Kandidato, impormasyon tungkol sa mga Kandidato, mga Pahayag ng Kuwalipikasyon	17	
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12	18	
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 14	21	
Mga Kandidato para sa Senador ng Estado, Distrito 11	22	
Mga Kandidato para sa Asembleya, Distrito 17	23	
Mga Kandidato para sa Asembleya, Distrito 19	24	
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 1	25	
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 18	26	
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 21	27	
Klase sa Ingles, libreng mga	16	
Komisyon para sa mga Eleksyon	10	
Komite para Gawing mas Simple ang Balota	3	
Kumpidensiyal (Pagiging) at mga rekord ng botante	7	
L		
Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante	3	
Lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento, impormasyon tungkol sa	31	
A Panukalang-Batas ukol sa City College para sa Pagsasanay sa Trabaho, Pagkukumpuni at Kaligtasan sa Lindol	36	
B Bond ng San Francisco para sa Kaligtasan sa Lindol at Pang-emergency na Pagtugon, 2020	40	
C Mga Benepisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng mga Retirado para sa Dating mga Empleyado ng San Francisco Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay)	43	
D Vacancy Tax (Buwis sa Bakanteng Espasyo)	46	
E Mga Limitasyon sa mga Pang-opisinang Development	50	
M		
Maagang pagboto	8, 9	
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)		
N		
Nagkamali habang bumoboto, paano makakukuha ng bagong balota	10	
P		
Pagboto sa pamamagitan ng mail o koreo	8	
Pagmamarka sa inyong balota	10	
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco	32	
Permanenteng pagboto sa pamamagitan ng mail, impormasyon tungkol sa	8	
Petsa, mga importante (loob ng harap na pabalat)		
Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo	4	
Programang Ligtas sa Tahanan	7	
R		
Rehistrasyon bilang Botante, impormasyon tungkol sa	8	
S		
Salitang dapat ninyong malaman	34	
Sistema ng pagboto sa San Francisco	12	
W		
Website ng Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)		
Wikang Filipino, tulong sa	16	
Worksheet ng Balota	56	



Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* at sa *Sing Tao Daily* sa Pebrero 19 at 20, at sa *El Reporter* sa Pebrero 21.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.



Worksheet ng Balota: Eleksyon sa Marso 3, 2020

Ang worksheet na ito ay isang gabay para makatulong sa mga botante sa maagang pagmamarka ng kanilang mga pinili para makatipid sa oras at maiwasan ang mga pagkakamali habang minamarkahan ang kanilang Opisyal na Balota.

1. Sumangguni sa inyong Halimbawang Balota, batay sa inyong kinakatigang partido, para makita kung ano-anong mga labanan ang nasa inyong balota. Hindi lahat ng mga botante ay elihibleng bumoto sa lahat ng labanan ng partido. (tignan ang pahina 4)
2. Markahan ang lahat ng inyong napili sa worksheet na ito.
3. Ilipat ang inyong mga napili sa inyong Opisyal na Balota (maaari ninyong dalhin ang worksheet na ito sa voting booth).

MGA KATUNGKULAN

Presidente ng Estados Unidos _____

Kinatawan ng Estados Unidos _____

Senador ng Estado _____

Miyembro, Asembleya ng Estado _____

Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 1 _____

Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 18 _____

Hukom ng Korte Superyor, Luklukan Blg. 21 _____

Mga Miyembro, Sentral na Komite ng County

Partidong Demokratiko

Partidong Republikano (*Asembleya ng Distrito 17 lamang*)

_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

PAMAGAT:	MGA PROPOSISYON	OO	HINDI
13	Nagpapahintulot ng mga Bono para sa Pagkukumpuni, Konstruksiyon, at Pagsasamoderno ng Pasilidad sa mga Pamublikong Preschool, K-12 na Paaralan, Kolehiyo ng Komunidad, at Unibersidad		
A	Panukalang-batas ukol sa City College (Kolehiyo ng Lungsod) para sa Pagsasanay sa Trabaho, Pagkukumpuni at Kaligtasan sa Lindol		
B	Bond ng San Francisco para sa Kaligtasan sa Lindol at Pang-emergency na Pagtugon, 2020		
C	Mga Benepisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng mga Retirado para sa Dating mga Empleyado ng San Francisco Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay)		
D	Vacancy Tax (Buwis sa Bakanteng Espasyo)		
E	Mga Limitasyon sa mga Pang-opisinang Development		



Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon

TELEPONO

Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386

KOREO

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634

EMAIL

SFVote@sfgov.org

Bukas ang opisina mula Lunes hanggang Biyernes (maliban kapag holiday) mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Magbubukas ang Departamento dalawang weekend bago ang Araw ng Eleksyon, Marso 3, upang matulungan kayo nang personal.

Bisitahin ang sfelections.org/voterportal para:

- I-check ang katayuan ng inyong rehistrasyon bilang botante
- Humiling ng vote-by-mail na balota
- I-check ang katayuan ng inyong vote-by-mail na balota
- Tingnan ang lokasyon ng inyong botohan
- Tingnan ang inyong halimbawang balota

Bisitahin ang sfelections.org/myballot para pag-aralan ang inyong mga opsiyon sa pagkuha ng balotang naglalaman ng inyong kinakatigang kandidato para sa pagkapangulo.

Return Address:

Pinirmahan ba ninyo ang kabila ng inyong Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na balota?



Dikitan ng isang first-class selyo dito. Hindi ihahatid ng Post Office kung wala nito.



**DIRECTOR OF ELECTIONS
DEPARTMENT OF ELECTIONS
1 DR CARLTON B GOODLETT PLACE ROOM 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4608**

